


Kodigo ng Gawi



Kapag binanggit sa ating Kodigo ng Gawi, "Xylem" at ang ating "Kumpanya", ito ay tumutukoy sa Xylem Inc. at ang lahat ng kanyang mga value center at mga yunit sa negosyo.

Ang Ating Gawain

Ang tubig ay mahalaga sa buhay. At ang panghabambuhay na gawain natin ay tubig.

Dinadala natin ito sa mga lugar kung saan ito ay kinakailangan, ito ay ating idinadaan sa masusing proseso upang mapanatiling malinis, at ating sinusuri para matiyak ang kalidad nito.

Tayo ay nakatuon sa pinakakritikal na hamon sa tubig ng mundo.

Ang Ating Mga Kostumer

Ang ating mga kostumer ay mga kasosyo. Sila ang dahilan ng ating tagumpay.

Tayo ay nagsisikap upang tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pamamagitan ng iba't iba nating mga produkto at dalubhasang kaalaman.

Ang Ating Mga Empleyado

Ang ating mga empleyado ay inspiradong magdulot ng kaibhan sa pamamagitan ng inobasyon at impluwensiya.

Sa pamamagitan ng pagtuon sa tubig, tayo ay nakalaan para sa pagpapabuti ng mga buhay ng lahat ng tao.

Ang Ating Mga Namumuhunan

Ang ating mga namumuhunan ay umaasa sa atin na lumikha ng kahalagahan.

Tayo ay nagsusumikap para mapanatili ang kanilang pagtitiwala.

Ang Ating Mithiin ay Simple.

Ating itinutuon ang ating teknolohiya, oras at talento para itaguyod ang mas matalinong paggamit ng tubig.

Umaasa tayo sa isang kinabukasan na wala nang suliranin sa tubig sa mundo.

xylem

Let's Solve Water

Ang Ating Mga Pinapahalagang Prinsipyo

Paggalang

para sa bawat isa, para sa pagkakaiba't iba ng mga tao at opinyon, para sa kalikasan

Pananagutan

para sa ating mga salita at kilos, para sa kasiyahan ng kostumer, para sa pagbibigay sa ating mga komunidad

Integridad

para sa pagkilos nang naaayon sa etika, para sa pagtupad sa ating sinabing gagawin, para sa pagkakaroon ng lakas ng loob na makipag-ugnayan nang walang kinikilingan

Pagkamalikhain

para sa isang malawak na kaisipan, para tugunan ang mga hamon sa hinaharap, para sa paglinang ng kakayahan at potensyal sa paglago

Talaan ng mga Nilalaman

	Liham Mula sa Presidente at CEO	4
1.	Pagsisimula	6
	Mga Inaasahan	6
	Paggawa ng Desisyong Alinsunod sa Etika	9
	Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin o Agam-agam	10
	Pagsunod sa Ating Kodigo	13
2.	Ang Lugar na Ating Pinagtatrabahuan	13
	Pagsama at Pagkakaiba	13
	Diskriminasyon	14
	Panliligalig	14
	Pagiging Pribado ng Empleyado	15
	Kaligtasan at Seguridad	16
	Mga Droga at Alkohol	17
3.	Ang Ating Kapaligiran at mga Komunidad	18
	Tungkuling Pangkalikasan	18
	Mga Karapatang Pantao	18
4.	Mga Rekord ng Kumpanya	19
	Mga Wastong Rekord	19
	Pagpapanatili ng mga Rekord	21
	Mga Pagsisiyasat na Panloob at ng Pamahalaan	21
5.	Mga Salungat ng Interes	22
	Ano ang Salungat ng Interes?	22
	Mga Ugnayan ng mga Empleyado	23
	Personal na Pakinabang sa Mga Pagkakataon ng Kumpanya	23
	Pakikipagkalakalan sa mga Kapamilya	23
	Pamumuhunan sa Tagalabas na Negosyo	24
	Pagtrabaho sa Labas	24

6.	Mga Kagandahang-loob sa Negosyo	25
	Mga Regalo at Aliwan	25
	Mga Kagandahang-loob sa Komersyal na Negosyo	27
	Mga Kagandahang-loob sa Pakikipagkalakalan sa Pamahalaan	28
7.	Mga Kontrata sa Pamahalaan	30
	Pakikipagkalakalan sa mga Pamahalaan	30
	Mga Talakayan sa Trabaho sa mga Empleyado ng Pamahalaan	30
	Mga Kailangan sa Kontrata ng Pamahalaan ng U.S.	31
	Kumpidensiyal na Impormasyon ng Pamahalaan ng U.S.	32
8.	Pandaigdigang Negosyo	33
	Pagsunod sa mga Pandaigdigang Batas	33
	Mga “Export at Import”	34
	Laban sa Pag-boycott	35
	Laban sa Katiwalian	36
9.	Paghadlang sa Pandarambong	38
10.	“Antitrust” at Kumpetisyon	39
	Patas na Pangangalakal	39
	Patas na Kumpetisyon	40
11.	Pangangalakal ng mga Seguridad (“Securities Trading”)	42
12.	Mga Ari-arian ng Kumpanya	44
	Pandaraya at Pagnakaw	44
	Mga Pisikal na Ari-arian	44
	Pag-aaring Intelektwal	44
	Impormasyong Pangteknolohiya	47
13.	Reputasyon ng Kumpanya	48
	Mga Gawaing Pampulitika	48
	Mga Pahayag sa Media at Taga-analisa ng Pamumuhunan	48
14.	Mga Pagpapaubaya at Pagbabago	49
15.	Mga Kontak Tungkol sa Kodigo ng Gawi	50

Liham Mula sa Presidente at CEO

Sa Xylem, ipinagtitibay natin sa ating mga sarili ang mataas na mga pamantayan ng integridad sa lahat ng ginagawa natin. Ang matibay na pagganap ay mahalaga sa ating tagumpay – ngunit paano natin nakakamit ang mga resulta ay kasing halaga rin. Walang kasing halaga sa pagtiyak na ginagawa natin kung ano ang tama – at walang maglalagay sa atin sa panganib nang higit sa kabiguan na gawin ito.

Ang ating Kodigo ng Gawi ay ang hanay ng mga tuntunin na bumabalangkas sa naaangkop na gawi sa negosyo at inaasahang mga asal na kailangan nating sundin lahat. Naglalarawan ito kung paano tayo dapat kumilos upang matiyak na napapanatili natin ang ating reputasyon at patuloy na makamit ang tiwala ng ating mga customer, mga shareowner, mga sosyo sa negosyo, at mga komunidad araw-araw.

Ang ating Kodigo ay mailalapat sa lahat ng sitwasyon sa trabaho kung saan maaaring makikita natin ang ating mga sarili – mula sa mga conflict ng interes at pagbibigay at pagtanggap ng mga regalo hanggang sa paninindigan sa mga batas sa anti-trust at di-patas na kumpetisyon. Ang partikular na mga patakaran ng kumpanya ay nagsusuplemento sa gabay sa ating Kodigo at, kapag ang mga patakaran at ang ating Kodigo ay magkasamang ginagamit, nagbibigay ang mga ito ng direksiyon upang matulungan tayo na gumawa ng mga tamang pasya. Sa ating mabilisan, madaliang nagbabagong kapaligiran ng negosyo, ang tamang pasya ay hindi palaging malinaw,

at ito ay hindi palaging madali. Ang ating Kodigo ng Gawi ay nagbibigay sa atin ng pundasyon upang makagawa ng pinakamabuting mga pasya – mga pasya na hindi isinasakripisyo ang ating integridad.

Mahalaga na bawat isa sa atin ay nagkakaintindihan kung paano ang trabahong ginagawa natin at ang mga kilos ay naaapektuhan ng legal at pampangangasiwang mga kautusan, ng ating mga patakaran at pamamaraan, at ng ating kaparehong etikal na mga prinsipyo at pagpapahalaga. Lahat tayo ay may tungkulin na magsalita at humingi ng gabay kung tayo ay hindi nakatitiyak sa tamang paraan ng hakbang o nag-aalala na ang isang tao ay hindi kumikilos bilang pagsunod sa ating Kodigo.

Ang bawat isa sa atin ay may personal na responsibilidad na isama ang Kodigo ng Gawi sa ating trabaho. Kung kayo ay may katanungan tungkol sa Kodigo, o sa anumang aspeto ng pagsunod, mangyaring magtanong. Nagpapasalamat ako sa inyo sa pagpoprotekta sa tiwala na inilagay ng iba sa atin sa pamamagitan ng inyong mga pagsisikap upang makagawa ng mga tamang pasya araw-araw.



Patrick Decker

1. Pagsisimula

Mga Inaasahan

Ang ating mga pinapahalagahang prinsipyo ay ating gabay, naglilingkod bilang isang pundasyon para sa pamamaraan ng ating pangangalakal at sumasalamin kung sino tayo at kung ano ang paniniwala natin. Sila ang nagpapakita ng bawat pagmamalaki natin sa ating araw-araw na trabaho. Ang pagmamalaking ito ay hindi bunga ng pagtugon sa inaasahan ng kostumer at paghatid ng mga dekalidad na produkto at serbisyo lamang kundi ang ating pangangalakal na alinsunod sa etika.

Ang ating Kodigo ay gabay ng ating daan. Ito ay dinisenyo upang makatulong sa atin upang palagi nating gawin ang tama sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga karaniwang isyu sa etika at sa batas na maaaring magdulot, at nagbibigay daan sa ating pagkuha ng payo o paglabas ng alalahanin o agam-agam.

Ano ang inaasahan sa mga empleyado?

Ang bawat isa sa atin ay dapat na maging tapat sa pagsasabuhay ng ating mga pinapahalagahang prinsipyo at paggamit ng ating Kodigo bilang gabay sa pakikitungo sa ating mga namumuhunan, kasama ang ating mga kapwa empleyado, kostumer, kasosyo, may-ari ng mga share, tagapag-suplay, ahensya ng pamahalaan, at mga komunidad. Kasinghalaga rin nito ng pagbibigay buhay at pagsunod sa ating Kodigo ng mga hindi empleyadong grupo, tulad ng mga opisyal, tagapamahala, kontratista, tagapag-suplay, kasangguni, at mga kumakatawan. Ang pinagkaisang pamamaraang ito ang nagtutulak sa atin na maging masigasig upang gumawa ng mga madaling pakibagayang kapaligiran, buksan ang komunikasyon, at maghatid ng proteksyon at seguridad.

Upang mas lalo pang maintindihan ang mga kilos na inaasahan sa atin, ang bawat isa sa atin ay may tungkulin na basahin at sundin ang ating Kodigo at sumali sa pagsasanay sa mga etika at pagtupad nito. Dapat din nating alamin at sundin ang mga patakaran ng Xylem, batas at regulasyon na naaangkop sa ating trabaho. Kung may pagsasalungat sa pagitan ng alinman sa mga pamantayang ito, ang pinakamataas na pamantayan ng kilos na alinsunod sa etika ang paiiralin. Humingi ng payo mula sa mga naaangkop na tao na nakalista sa seksyon na pinamagatang "Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin" bago magpasya kung ano ang inyong dapat gawin.

Ang mga batas at regulasyon ay mahirap unawain at maaaring magbago, at maaaring labis na naiiba sa bawat bansa. Ang mga patakaran ng Kumpanya ay maaaring magbago, at maaaring maiba depende sa ating lokasyon. Samakatwid dapat nating gawing pamilyar ang ating sarili sa mga patakaran, batas, at regulasyon na naaangkop sa ating mga tungkulin sa trabaho. Kung ika'y may anumang alinlangan, humingi ng tulong.

Ano ang inaasahan sa mga tagapamahala at tagapangasiwa?

Bilang mga pinuno, ang mga tagapamahala at tagapangasiwa ay may mga karagdagang tungkulin. Sa partikular, sila ay inaasahang:

- Iparating ang isyu sa etika at pagtupad
- Tiyakin na ang kanilang mga personal na kilos ay nagdudulot ng naaangkop na halimbawa ng ating mga pinapahalagahang prinsipyo
- Gawing responsable ang mga empleyado sa pagkumpleto ng lahat ng mga kinakailangang pagsasanay
- Lumikha ng kapaligiran sa trabaho na bukas para sa komunikasyon at nanghihikayat sa mga empleyado na maglabas ng mga alalahanin
- Isumbong ang mga napag-alamang o pinaghihinalaang paglabag sa etika o batas sa naaangkop na tao
- Igalang ang pagiging kumpidensiyal ng mga empleyado na matapat na naglabas ng mga alalahanin o sumali sa mga imbestigasyon hangga't maaari at hangga't sa ipinagpapahintulot ng batas
- Mahigpit na iwasan at huwag payagan kahit kailanman ang paghihiganti laban sa mga taong nagparating ng hinanaing, alalahanin o kilos na maaaring isipin ng iba na isang paghihiganti

Ano ang inaasahan sa mga kasosyo?

Inaasahan namin ang mga nagtatrabaho sa ngalan ng Xylem, kasama na ang aming mga kasangguni, tagapag-suplay, ahente, kontratista,

pumapangalawang kontratista, at kumakatawan na itaguyod ang ating mga pinapahalagahang prinsipyo, prinsipyo sa etika na nakasaad sa ating Kodigo at anumang naaangkop na mga patakaran ng Kumpanya, batas at regulasyon. Pinipili nating makipagtrabaho sa mga kasosyo na tumatayo sa likod ng dekalidad na produkto at serbisyo na kanilang ibinibigay.

Kung ikaw ay may alam o pinaghihinalaan na ang isa sa ating mga kasama sa negosyo ay may kinalaman sa paglabag sa etika o pagkilos ng hindi tama, makipag-usap sa naaangkop na taong nakalista sa "Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin" na seksyon sa ating Kodigo.

Ano ang inaasahan sa atin kung tayo ay nakikipag-ugnayan sa mga ikatlong partido?

Dapat nating maingat na isaalang-alang kung sino ang pinapanatili natin upang makipagkalakalan sa ngalan ng Xylem. Kung nais man nating isali ang kahit sino bilang isang ahente, kinatawan sa pamilihan, o distributor o tagapagbenta, dapat nating tawagan ang Legal na Departamento ng Kumpanya bago ito gawin. Ang mga partidong ito ay kinakailangang maaprubahan ayon sa patakaran ng Kumpanya, at ang ugnayan ay dapat nakadokumento sa isang pormal na kasunduan. Ang kasunduang ito ay pag-aaralan at aaprubahan ng Legal na Departamento ng Kumpanya.

Mangyaring isaalang-alang na mayroong mga malawakang alituntunin at pamamaraan ang Xylem patungkol sa mga pag-aaral at pagpapanatili ng mga ahente, kumakatawan sa kalakalan, tagapag-suplay o tagapagbenta na nagbebenta sa labas ng Estados Unidos, kasama ang pag-aaral ng sariling pagsisiyasat para sa mga humingi ng order na mamimili o gumagamit na hindi mula sa pamahalaan ng U.S. Tungkulin mo itong malaman at sumunod sa mga patakaran at mga pamamaraan na ito kung ang iyong trabaho ay nangangailangan ng pagsali ng mga pangatlong partido. Dagdag rito, dapat na aprubahan ng Legal na Departamento ng Kumpanya ang lahat ng paggamit ng kasangguni o mga taong maaaring makaimpluwensiya o manghimok sa larangan ng mga ugnayan sa pamahalaan.

May mga karagdagang alituntunin na tumutukoy sa pagpapanatili ng mga ahente at lalong-lalo na mga kinatawan sa kalakalan. Hindi natin maaaring panatilihin ang isang ahente o kinatawan sa kalakalan kung sila o kahit na sinumang empleyado nila o kanilang malapit na kamag-anak o kahit sinuman na may pinansyal na interes sa kanilang negosyo ay nagtatrabaho o kaya ay isang opisyaes ng isang aktuwal o potensyal na kostumer ng Xylem. Upang makuha ang partikular na eksepsiyon sa alituntuning ito, tawagan ang

Legal Department ng Kumpanya. Mayroong mga partikular na alituntunin tungkol sa sahod ng mga ahente at kinatawan sa kalakalan. Ang mga alituntuning ito ay dapat na ganap na masunod, maliban lamang kung pinahintulutan ng Legal na Departamento ng Kumpanya.

Kinakailangan nating sabihan ang mga ikatlong partidong nagtatrabaho sa ngalan ng Xylem tungkol sa ating Kodigo, at dapat silang pumayag na sumunod dito nang may paggalang sa lahat ng gawaing ginagawa nila sa ngalan ng Xylem. Dagdag pa rito, ang mga tagapag-suplay at tagapagbenta ay dapat na pumayag sa lahat ng kondisyong may kaugnayan sa etika ng negosyo.

Paggawa ng Desisyong Alinsunod sa Etika

Ipinagmamalaki nating lahat ang ating trabaho at sa mga pagpapasyang ginagawa natin sa ngalan ng Xylem. Ang mga pagpapasyang ito ay maaaring mas mahirap na gawin kapag tayo ay humaharap sa mga hamon sa etika. Layunin ng ating Kodigo na matulungan tayong makita at maayos ang mga hamong ito.

Kapag nakaharap ng isang mahirap na pagpapasya patungkol sa etika, itanong mo sa iyong sarili ang mga sumusunod na katanungan upang malaman kung ang hakbang na iyong iniisip ay nararapat:

- Ako ba ay sumusunod sa nakasulat at diwa ng patakaran ng ating Kumpanya at ng lahat ng naaangkop na mga batas at regulasyon?
- Ang kilos ko ba ay alinsunod sa pangarap at mga pinapahalagahang prinsipyo ng Xylem na isinasaad sa ating Kodigo?
- Ako ba ay kikilos sa pinakamabuting interes ng Xylem, sa aking mga katrabaho at sa ating mga kostumer?
- Ano ang iisipin ng aking pamilya, mga kaibigan o mga kapitbahay sa aking gagawin?
- Nanaisin ko bang mailathala ang aking gagawin sa unang pahina ng isang peryodiko o sa Internet?

Kung ikaw ay hindi pa rin sigurado kung ano ang gagawin, huwag gumawa ng hakbang. Sa halip, pag-aralan ang mga importanteng seksyon ng ating Kodigo o ibang patakaran ng Kumpanya. Humingi ng tulong sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong tagapamahala o tagapangasiwa. Humingi ng gabay mula sa iba pang taong kokontakin na nakalista sa “Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin.”

Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin o Agam-agam

Bagamat tayo ay palaging nagsisikap na gumawa ng tamang bagay, may mga pagkakataong tayo ay nangangailangan na humingi ng payo o magsabi ng alalahanin o agam-agam patungkol sa potensyal na paglabag sa etika o batas. Sa pamamagitan nito mabibigyan ng pagkakataon ang Xylem na matugunan nang tama ang isyu. Ang prosesong ito ng pag-uulat ay madaling iakma, hinahayaan kang maglabas ng alalahanin o agam-agam sa maraming pamamaraan.

Kadalasan, kailangang sumangguni muna sa iyong tagapamahala o tagapangasiwa. Kung ito ay hindi posible o praktikal, o kung ikaw ay mas magiging panatag na sa ibang tao ito isangguni, maaari mong tawagan ang sinuman sa mga sumusunod na indibidwal:

- Ang iyong lokal na tagapangasiwa sa Human Resources
- Ang Human Resource Department ng inyong value center
- Ang Chief Financial Officer ng inyong value center o value center controller o ang Xylem Chief Accounting Officer
- Ang Pinuno ng Ethics and Compliance Review Board (ECRB) ng inyong value center o sinumang miyembro ng ECRB
- Ang Direktor ng "Corporate Responsibility" ng inyong value center
- Sinumang Ombudsperson ng Xylem
- Sinumang abogado ng Xylem
- Ang Punong Opisyal ng Etika at Pagpapatupad
- Ang Xylem Integrity Line helpline

Ang Xylem ombudsperson ay may tungkulin na magbigay ng payo at tumanggap ng mga sumbong tungkol sa potensyal na hindi pagsunod. Bawat grupo ay may ombudsperson, at may mga lokal na ombudsperson sa buong mundo na maaari mong pagsumbungan gamit ang lokal na wika. Kung gusto mong kausapin ang ombudsperson, mangyaring sumangguni sa listahan ng mga taong maaaring kontakin sa dulo ng iyong kodigo. Maaari mo ring makita ang impormasyong ito sa ating intranet sa <http://Compliance.Xyleminc.com>.

Dagdag pa rito, ikaw ay maaaring magreport sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng Xylem Integrity Line, isang pamamaraan ng pagreport sa pangatlong partido, kung saan ito ay web-based at tumatanggap ng tawag sa loob ng 24 na oras. Maaari mong gawin ang mga report na ito sa iyong lokal na wika. Ang lokal na access na numero para sa linya ng Xylem Integrity Line

ay maaaring makita sa listahan ng mga impormasyong kokontakin sa dulo ng ating Kodigo, sa ating intranet sa <http://Compliance.Xylem.com> o sa www.integrity.xylem.com.

Di Pagpapakilala at Pagiging Kumpidensiyal

Kapag tumawag ka sa ombudsperson mula sa U.S., o anumang bansa na pinahihintulutan ang di-pagpapakilala sa pagsusumbong, ikaw ay mananatiling di-kilala. Ikaw ay maaari ding magsumbong nang di nakikilala sa helpline ng Xylem Integrity Line. Kung tatawag ka sa helpline ng Xylem Integrity Line, ikaw ay mabibigyan ng report key at password. Sa ganitong paraan, ikaw ay maaaring tumanggap ng mga balita o magbigay ng karagdagang impormasyon na maaaring kinakailangan para sa tamang imbestigasyon ng iyong mga alalahanin.

Sa pag-uulat, ikaw ay hinihikayat na magpakilala, sapagkat ito ang nagpapadali ng komunikasyon at nakakatulong sa Xylem na lutasin ang sitwasyon nang matagumpay. Kung gusto mong piliin na ipakilala ang iyong sarili, ang ating kumpanya ay gagawa ng bawat makatwirang pagkilos upang ang iyong pagkatao ay maging kumpidensiyal sa pamamaraang naayon sa pagsasagawa ng masusing imbestigasyon at tuparin ang anumang legal na kailangang gawin. Upang makatulong sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal, mangyari lamang na huwag sabihin sa iba ang iyong isinusumbong maliban kung sila ay bahagi ng imbestigasyon sa inyong hinanaing o alalahanin.

Mga Patnubay sa Pagpaparating ng Alalahanin o Agam-agam

Hindi madali ang magsabi ng alalahanin tungkol sa posibleng pagkilos nang hindi tama. Ang paggawa nito ay nangangailangan ng katapatan at lakas ng loob. Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga karaniwang pamamaraan kung paano tatalakayin ang iyong hinanaing o alalahanin sa inyong pangasiwaan:

1. Maglaan ng tamang oras kasama ang iyong tagapangasiwa, tagapamahala o ibang taong maaaring tawagan na nakalista sa "Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin" upang talakayin ang iyong mga hinanaing at alalahanin.
2. Talakayin ang iyong mga Alalahanin nang mahinahon at propesyonal.
3. Ibigay ang lahat ng mga naaangkop na katotohan at tukuyin ang iyong hinanaing tungkol sa posibleng epekto ng potensyal na maling pagkilos.
4. Pasalamatang ang indibidwal para sa kanilang oras at sa kanilang pagbibigay-pansin sa isyu.

Mga Patnubay sa Pagtanggap ng Alalahanin

Kung ikaw ay isang tagapamahala o tagapangasiwa, napakahalaga ng inyong reaksyon kapag ang inyong empleyado ay nagpahayag ng alalahanin.

Nakalista sa ibaba ang mga pangkalahatang gabay kung paano tumugon kapag ang isang empleyado ay naglabas ng alalahanin:

1. Tiyaking mayroon kang sapat na oras upang mapag-usapang mabuti ang alalahanin. Kung wala, magtakda ng ibang oras at sabihin sa empleyado na ang pagbabagong ito ay upang tiyakin na mapagtutuunan mo siya ng iyong buong pansin. Kung naaangkop, isagawa ang pagpupulong sa isang pribadong lugar.
2. Makinig nang mabuti at manatiling magalang, mahinahon at propesyonal sa lahat ng pagkakataon.
3. Iwasang manakot o magpakita ng mapanghusgang pagkilos.
4. Huwag mong isipin na dapat kang magkaroon ng agarang sagot; pag-isipan ang isyu at saka na sumagot, kung kinakailangan.
5. Pasalamatang ang empleyado at sa pagpaparating niya ng isyu sa iyong pansin at payuhan siyang ikaw ay makikipag-ugnayan sa nararapat na indibidwal tungkol sa mga isyu.

Ang Hindi Pagkukunsinti sa Paghihiganti

Ang pagpaparating ng mga alalahanin o agam-agam sa etika ay tumutulong sa Xylem upang matugunan ang mga problema sa lalong madaling panahon. Hindi kukunsintihin ng Xylem ang paghihiganti laban sa sinumang empleyado dahil sa pag-uulat nang may magandang hangarin sa isyu sa etika o pagtupad o sa pagsali sa imbestigasyon nang may magandang hangarin. Ang pagreport ng potensyal na maling pagkilos o pagsali sa imbestigasyon nang “may magandang hangarin” ay nangangahulugan ng tunay na pagsisikap upang magbigay ng matapat, kumpleto at tiyak na impormasyon, kahit pa sa huli ay mapatunayang ito’y mali o walang batayan. Ang mga kilos na ito ay hindi dapat gawing batayan sa anumang uri ng paghihiganti, kasama na ang hindi tamang pag-alis ng benepisyo, pagtanggap sa trabaho, pagbaba ng ranggo, pagsuspendi, pagbabanta, mababang pagmarka sa husay ng pagganap sa trabaho, pananakot, panggigipit, o diskriminasyon. Dapat nating tratuhin sa magalang na pamamaraan ang lahat ng ating katrabaho na naglalabas ng alalahaning pang-etika.

Ang paghihiganti ay isang paglabag sa ating Kodigo at maaaring magresulta sa pagdidisiplina, hanggang sa at kasama na ang pagkatanggap sa trabaho. Kung may alam ka o naghihinala na ang iyong katrabaho ay nakararanas ng paghihiganti, mangyaring tawagan ang sinuman sa nakalista sa seksyon na pinamagatang “Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin.”

Pagsunod sa Ating Kodigo

Labis nating pinapahalagahan ang mga patnubay sa ating Kodigo at nagsusumikap na sundin ang mga ito nang buong ingat at tiyaga sa lahat ng oras. Mangyaring pakitandaan na ang paglabag sa batas, patakaran ng Xylem o ng ating Kodigo ay maaaring humantong sa pagdidisiplina, hanggang sa at kasama ang pagkatanggal sa trabaho. Dagdag pa rito, ang mga naturang paglabag ay maaaring humantong sa sibil at kriminal na kahahantungan sa bawat taong kasangkot dito at ng Xylem.

2. Ang Lugar na Ating Pinagtatrabahuhan

Pagsama at Pagkakaiba

Pinapahalagahan ng ating kumpanya ang mga iba't-ibang kaisipan, opinyon, at karanasan at nakatuon sa pagpapatuloy ng kultura ng pagsama at pagkakaiba. Kahit na ang bawat isa sa atin ay may karapatan sa ating personal na paniniwala at pinahahalagahang prinsipyo, hindi natin maaaring ipagpilitan ang mga ito sa lugar ng ating pinagtatrabahuhan. Nangangahulugan itong hindi natin maaaring gamitin ang mga pasilidad ng Kumpanya o gamit sa komunikasyon (e-mail, intranet, bulletin boards, atbp.) upang isulong ang pang-relihiyon, pampulitika, o iba pang potensyal na sensitibong personal na paniniwala. Sa mga empleyadong may pananagutan para sa mga kontribusyong pang-korporasyon ng Xylem, dapat na tiyakin na hindi magamit ang mga ito para itaguyod ang mga naturang isyu.

T: Sa aking papel sa pagbebenta, ako ay madalas na nagpapadala sa mga kausap sa negosyo ng mga nabiling holiday card ng Xylem. May mga alituntunin bang dapat na tuparin?

S: Mayroon. Kung ang Xylem ay namimigay ng mga card sa pagbati, ito ay dapat na para sa pagdiriwang ng isang okasyon at hindi maaaring may mga relihiyosong simbolo.

Diskriminasyon

Upang mapanatili ang isang inklusibo at pagtanggap sa pagkakaiba't iba sa kapaligiran ng trabaho, ang bawat isa sa atin ay dapat gumawa ng mga hakbang upang matiyak na ang ating pinagtatrabahuhan ay nagdudulot ng pantay-pantay na pagkakataon sa trabaho at pagkakataong umunlad, makatamo ng insentibo at disiplina. Sa pagsasatupad nito, hindi tayo maaaring gumawa ng desisyong may kinalaman sa trabaho batay sa anumang mga katangiang protektado ng naaangkop na batas, tulad ng edad, kulay, kasarian, pagkilala sa kasarian, bansang pinanggalingan, pisikal o mental na kapansanan, lahi, relihiyon, sekswal na orientasyon o anumang mga personal na batayan na protektado ng batas. Para sa ating mga nagtatrabaho sa mga kontrata ng pamahalaan o sa mga programang may kaugnayan sa impormasyon tungkol sa kontrol ng export, mga alituntunin sa seguridad ng pamahalaan o mga pangangailangan ng kontrata ay maaaring magbawal sa mga partikular na trabaho sa mga indibidwal na humahawak ng naaangkop na permiso o awtorisasyon sa export.

Kung may alam ka, naghihinala o personal na nakakaranas ng diskriminasyon, ipagbigay-alam ang sitwasyon sa isang tagapamahala o isang tagapangasiwa na iyong pinagkakatiwalaan, ang iyong lokal na Human Resources Department o sinuman sa mga taong kokontakin na nakalista sa bahaging pinamagatang "Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin."

Panliligalig

Ang panliligalig ay walang lugar sa Xylem. Kahit na ang legal na kahulugan ng "panliligalig" ay maaaring naiiba, itinuturing ng ating Kumpanya na kasama dito ang anumang anyo ng hindi katanggap-tanggap na kilos sa ibang tao na may layunin o epekto ng paglikha ng pagkatakot, labanan o nakakainsultong kapaligiran sa trabaho para sa naturang tao. Ang panliligalig na kilos ay maaaring ginawa ng isang empleyado o ng isang hindi empleyado at maaaring magkaroon ng maraming pamamaraan, kasama na ang mga

pagkumpas o pagkomento, ang panghihipo o pagpapakita ng mga larawan. Ang mga pangako ng pagtaas ng posisyon o espesyal na pagtrato bilang kapalit ng seksuwal na pabor ay itunuturing din na panliligalig. Hindi kukunsintihin ng Xylem ang anumang naturang gawi, kahit pa ang paghahabol sa panliligalig ay hindi ipinatutupad ng lokal na batas.

Kung ikaw o sinumang kilala mo ay nagkaroon na o humaharap pa lamang sa panliligalig na gawi, ipagbigay-alam agad ito sa tagapamahala o tagapangasiwa na iyong pinagkakatiwalaan, ang iyong Departamento ng Human Resources o kahit sinong nakalistang kokontakin sa “Pagtatanong at Pagpaparating ng mga Alalahanin” na seksyon ng ating Kodigo.

T: Ang katrabaho ni Elyse, si James, ay laging nag-iimbitang magdate sila at laging nagkokomento tungkol sa kanyang itsura na naging sanhi ng kanyang pagkaasiwa. Magalang niyang tinanggihan ang mga pasaring nito at hininging ihinto niya ang pagkomento sa kanyang hitsura, ngunit hindi binago ni James ang kanyang mga kilos. Ano ang dapat gawin Elyse?

S: Dapat ipagbigay-alam ni Elyse ang kilos ni James sa tagapangasiwa o tagapamahala na kanyang pinagkakatiwalaan, ang kanyang lokal ng Departamento ng Human Resource o kahit sinong taong nakalistang tatawagan sa ating Kodigo. Ang kilos ni James ay malamang na maituturing na panliligalig, dahil sa ito ay lumilikha ng galit at hindi kanais-nais na kapaligiran sa trabaho para kay Elyse. Ang ganitong kilos ay hindi kukunsintihin ng Xylem.

Pagiging Pribado ng Empleyado

Ang ating mga ugnayan sa ating mga kapwa empleyado at ang ating Kumpanya ay nabuo sa tiwala at paggalang ng bawat isa. Upang mapanatili ang mga ugnayang ito, dapat na ang bawat isa sa atin ay gawin ang ating bahagi upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng mga personal na impormasyon ng empleyado. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng mga pagsunod sa panloob na pagkontrol ng Xylem at sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas sa mga bansa na kung saan tayo ay nangangalakal. Ito ay nangangahulugan na tayo ay hindi maaaring makagamit o makakuha nang walang tamang awtorisasyon sa anumang sistema, database o talaan na naglalaman ng personal na impormasyon ng kasalukuyan o dating empleyado.

Para sa ating may mga access sa mga personal na impormasyon ng mga empleyado, mayroon tayong pananagutan na mag-ingat bago magsiwalat nito. Maaari lamang natin ibunyag ang impormasyon ng rekord ng empleyado kung ipinagpapahintulot ito ng batas. Maaari nating ibigay ang impormasyong ito sa iba pang empleyado ng Xylem kung siya ay may matibay at lehitimong dahilan para alamin ito. Ang mga medikal na rekord ng empleyado ay kumpidensiyal at pribado. Maaari lamang nating ibunyag ang mga medikal na impormasyon kung ipinagpapahintulot sa ating gawin ito ng batas o kung binigyan tayo ng naturang empleyado ng pahintulot na nakasulat upang gawin ito.

Kung ikaw ay may anumang mga katanungan tungkol sa patakarang ito, mangyaring tawagan ang inyong lokal na Departamento ng Human Resources.

Kaligtasan at Seguridad

Ang bawat isa sa atin ay may karapatang magkaroon ng ligtas at may seguridad na lugar na pinagtatrabahuhan. Upang makatulong na isakatuparan ito, lahat tayo ay may pananagutang protektahan ang ating mga sarili at ang ating mga kapwa empleyado. Dapat nating sundin ang lahat ng mga pangkaligtasan na patakaran at pamamaraan at agarang ipagbigay-alam ang anumang hindi ligtas na kondisyon ng lugar na pinagtatrabahuhan, tulad din ng mga may kaugnayan sa trabahong pinsala o sakit, sa ating mga tagapangasiwa, lokal na medikal na kawani o Tagapangasiwa ng Kalikasan, Kaligtasan at Kalusugan (ESH) o Seguridad. Dapat tayong maging pamilyar sa Emergency Response Plan ng ating lugar. Kung ikaw o ang ibang tao ay nasa potensiyal na panganib, mangyaring kumilos ng alinsunod sa plano ng inyong lugar, kasama rito ang agarang pagtawag sa mga lokal na tagatugon sa panahon ng emergency.

Ang pagtiyak na ligtas ang lugar na pinagtatrabahuhan ay nangangahulugan rin na pagpapaliit ng posibilidad ng karahasan sa bakuran ng Kumpanya o kapag nangangalakal sa ngalan ng Xylem. Nangangahulugan din itong hindi tayo maaaring:

- Sumali sa anumang uri ng karahasan sa pinagtatrabahuhan, kasama ang pagbabanta, nakakatakot na gawi, panliligalig, pananakot, pagsalakay at mga kilos na katulad nito
- Pagdadala ng mga sandata nang walang paunang nakasulat na pagpapahintulot ng inyong lokal na mga Departamento ng Legal at Human Resource. (Ang mga baril ay nangangailangan ng karagdagang pahintulot mula sa Tagapamahala ng Etika at Seguridad ng Xylem.)

Dapat rin tayong maging alerto at ipagbigay-alam ang paglitaw ng mga di-kilalang tao o di-pangkaraniwang gawain na maaaring magdulot ng pagnanakaw o kapinsalaan sa ari-arian o tauhan ng Xylem. Ipagbigay-alam ang anumang alalahanin sa seguridad, mga insidente, o kahinahinalang gawain sa inyong tagapangasiwa, ang inyong tagapamahala, o ang tagapangasiwa ng ESH o ang Tagapangasiwa ng Seguridad.

Mga Droga at Alkohol

Upang mapanatili ang ligtas na lugar ng pinagtatrabahuhan at masiguro na makapaghatid tayo ng mga pinakamataas na kalidad ng produkto at serbisyo sa ating mga kostumer, mahalagang tayo ay magkaroon ng malinaw na pag-iisip at alistong pagkilos. Sa kadahilanang ito, hindi tayo maaaring maapektuhan ng, gumamit, magtago o magbenta ng ilegal o hindi awtorisadong droga o alkohol sa oras ng trabaho, habang nasa bakuran ng Kumpanya, habang nasa oras ng trabaho sa Kumpanya, o habang gumagawa o naglalakbay dahil sa negosyo ng Kumpanya. Ang tanging di sakop sa patakarang ito ay kapag ang alkohol ay ininom sa limitadong dami lamang sa hapunang pangnegosyo o alinsunod sa direksyon ng lokal na pangasiwaan at awtorisadong kasayahan sa Kumpanya o hapunang pangnegosyo. Sa mga ganitong pagkakataon, kinakailangan nating mahigpit na sundin ang anumang naaangkop na batas tungkol sa pag-inom ng alak.

3. Ang Ating Kapaligiran at mga Komunidad

Tungkuling Pangkalikasan

Sa pagtatrabaho sa ngalan ng Xylem, nangangako tayong pangalagaan ang kalikasan at igoalang ang mga komunidad na kung saan ay doon tayo nangangalakal. Kinakailangang tayo ay kumilos nang may paggalang sa ating kalikasan, tumutugon o higitan pa ang mga ipinag-uutos ng mga naaangkop na batas at alituntunin sa kalikasan, kasama na rin ang patakaran ng ESH at Seguridad ng Xylem. Dapat nating iwasan ang negatibong epekto sa ating kalikasan, kasama ang lupa, hangin at tubig na ginagamit nating lahat, at sa mga komunidad na ating pinagkakalakalan, at kailangan nating isagawa ang ating mga tungkulin sa trabaho sa responsableng pamamaraan sa lahat ng oras.

Dapat nating ipagbigay-alam ang mga potensyal na isyung pangkalikasan at humingi ng payo tungkol sa pagtupad sa mga batas at patakarang pangkalikasan kung kinakailangan. Kung ikaw ay may alam o may pinaghihinalaan na makakasama sa kalikasan o na ang mga patnubay sa kalikasan ay hindi nasusunod, ipagbigay-alam kaagad ang sitwasyon sa tagapangasiwa ng ESH.

Mga Karapatang Pantao

Tayo ay tapat sa pangangalakal ng ating negosyo sa pamamaraan na gumagalang at nagsusulong ng karapatang pantao batay sa ating mga pinahalalagang prinsipyo at pagpapatakbo ng negosyo. Itinataguyod natin ang mga karapatang pantao sa lahat ng pagkakataon at sa lahat ng lugar, maging ano pa ang mga nakaugalian ng lokal na negosyo.

Sa partikular, tayo ay tapat sa:

- Pagdudulot ng mga ligtas at may seguridad na kondisyon para sa mga nagtatrabaho sa ngalan ng ating Kumpanya
- Pangangalaga ng kalikasan
- Pagtupad sa lahat ng naaangkop na batas sa sahod at oras
- Mahigpit na pagbabawal ng pangangalakal ng tao at ang paggamit ng bata o sapilitang pagpapatrabaho, kasama na ang pagkakulong o pang-aalipin
- Pagtrato sa bawat isa nang patas at pantay-pantay

Para matiyak na itataguyod ng bawat bahagi ng ating negosyo ang mga pamantayang ito, aming hinihikayat ang mga kasama sa negosyong magkaroon rin ng ganitong katapatan.

4. Mga Rekord ng Kumpanya

Mga Wastong Rekord

Pagdating sa paghahanda ng mga talaan ng Kumpanya ng Xylem, ang katapatan at walang pagtatago ang ating mga gabay. Bawat isa sa atin ay may tungkuling tiyakin na ang mga impormasyon na nakalagay sa ating mga talaan sa negosyo – kasama ang ating mga time card, gastos at mga talaan sa paggawa- ay kumpleto, patas, wasto, naayon sa panahon at madaling intindihin. Magagawa natin ito sa pagbigay lamang ng mga impormasyon na kumpleto alinsunod sa ating proseso ng panloob na pagkontrol. Kung ikaw ay hindi nakakatiyak kung paano ipapakita ang mga impormasyon sa isang dokumento o report ng Xylem, tawagan ang controller ng Xylem para sa patnubay.

Ang ating pagtuon sa pagkilos ng alinsunod at tapat sa etika ay nangangailangang tayo ay pumasok sa tama at awtorisadong transaksyon sa negosyo. Hindi kailanman tayo maaaring makagawa ng maling representasyon sa ngalan ng Xylem, kahit pa sa salita o sa kasulatan. Dagdag pa rito, dapat tayong hindi magtago ng pondo ng Xylem, mga maling pag-uulat sa mga transaksyon ng Kumpanya, paggawa ng hindi naitalang pondo ng mga account o sadyang pagpapahintulot na maganap ang mga katulad na pangyayari. Kung may mga accounting, pagpapanatili ng talaan o pang awdit na mga alalahanin, tawagan ang iyong tagapangasiwa, tagapamahala, o isang Xylem controller. Maaari ka ring tumawag sa Xylem Audit Committee nang di nakikilala sa pamamagitan ng sulat, c/o the Xylem Corporate Secretary, 1 International Drive, Rye Brook, New York, 10573, USA.

T: Sa isang katatapos pa lamang na biyaheng pangnegosyo sa Sweden, nakitulog si Anabelle sa bahay ng isang dating kaibigan. Maaari ba niyang isama ang katumbas na halaga ng kuwarto ng hotel sa kanyang voucher sa paglalakbay?

S: Hindi. Ang lahat ng voucher, ulat ng gastos, mga time kard at iba pang dokumento ng Xylem ay dapat na kumpleto at wasto. Hindi tayo kailanman pinapayagang maglagay ng hindi totoo, nakalilinlang o hindi wastong impormasyon sa mga dokumento ng Xylem.

T: Natamo ng yunit sa negosyo ni Misheng ang tinatarget nitong pag-asenso para sa taon. Hiniling ng isang nakakataas na tagapangasiwa kay Minsheng na itago ang pondo ng Kumpanya sa isang pribadong account, na gagamitin upang pataasin pa ang kanilang kita sa negosyo sa hinaharap. Ang sabi ng tagapangasiwa kay Minsheng na tatanggapin ng mga awditor ang pribadong account dahil sa ang halaga ng account ay di naman kalakihan. Ano ang dapat niyang gawin?

S: Hindi dapat gumawa ng account si Misheng. Ang mga di tamang pahayag ay di katanggap-tanggap magpakailanman, lalo na kapag ang mga ito ay ginawa ng may layuning pangasiwaan ang mga kita. Hindi dapat gawin ni Misheng ang pagbabagong ito at dapat ipagbigay ang hinihiling ng tagapangasiwa sa Xylem controller o sa Audit Committee ng Xylem.

Pagpapanatili ng mga Rekord

Ang tamang pagpapanatili at pagsira ng mga talaan ay mga mahalagang aspeto ng pagpapanatili ng mga wastong talaan ng negosyo. Dapat na panatiliin natin ang lahat ng talaan ng Xylem alinsunod sa mga patnubay na nakasaad sa ating pagpapanatili ng mga talaan, tulad din ng mga U.S. at lokal na batas. Ang mga iskedyul ng pagpapanatili ng mga talaan ay nagtatakda ng haba ng panahon ng pagtago ng mga talaan ng negosyo, tulad din ng paraan ng pagsira nito.

Kung ikaw ay nasabihan ng isang abugado ng Kumpanya na ikaw ay may pinanghahawakang talaan na may kaugnayan sa inaasahan o napipintong paghahabla, imbestigasyon o pag-aawdit, sundin ang mga patnubay na nakasaad sa paunawang iyan. Huwag sirain, baguhin o pagtakpan ang anumang naitagong dokumento (kasama ang mga file sa kompyuter, e-mail at disk) bilang tugon sa anumang inaasahang abiso ng Kumpanya, proseso ng pamahalaan o paghahabla.

Kung ikaw ay may katanungan kaugnay sa pagpapanatili ng dokumentong nasa sa iyo, tawagan ang Legal na Departamento ng Kumpanya bago magsagawa ng anumang hakbang.

Mga Pagsisiyasat na Panloob at ng Pamahalaan

Paminsan-minsan, ang Xylem ay nagsasagawa ng mga panloob na imbestigasyon sa mga problema sa etika at pagpapasunod. Ang bawat isa ay may tungkuling makipatulongan at magbigay ng matapat na impormasyon kaugnay sa isang imbestigasyon kapag tinatanong. Ang sinumang hindi makipagtulungan o humadlang sa imbestigasyon sa anumang paraan, o hindi sumunod sa mga patnubay na ito, ay sasailalim sa nararapat na pagdidisiplina, hanggang sa at kasama na ang pagkakatanggal.

Dagdag pa rito, tayo ay inaasahan na ganap na makipagtulungan sa anumang imbestigasyon ng pamahalaan. Kung nalaman mo ang isang posibleng imbestigasyon ng pamahalaan o pagtatanong, ipagbigay-alam sa iyong tagapangasiwa, sa iyong tagapamahala, o sa Legal na Departamento ng Kumpanya sa lalong madaling panahon. Siguraduhing isumite ang anumang subpoena o nakasulat na kahilingan ng impormasyon sa Legal na Departamento ng Kumpanya bago kumuha o mangako ng anumang hakbang. Kung nilapitan ka sa labas ng pinagtatrabahuhan ng isang imbestigador ng pamahalaan, may karapatan kang sumangguni sa Legal na

Departamento ng Kumpanya (o, kung mas nais mo, ang iyong sariling abogado) bago makipag-usap sa imbestigador.

Kung tungkol sa lahat ng mga naturang imbestigasyon, hindi mo kailaman dapat:

- Sirain, baguhin o itago ang anumang dokumento ng Xylem bilang pangunguna sa, o pagtugon sa, isang kahilingan ng mga ito mula sa mga imbestigador ng Xylem, ahensya ng pamahalaan o ng mga korte
- Huwag gumawa ng anumang di-kumpleto, di-totoo o nakakalinlang na pahayag sa sinumang imbestigador ng Xylem o ng pamahalaan
- Subukang impluwensiyahan ang sinuman na magbigay ng hindi kumpleto, hindi tama o nakakalinlang na impormasyon sa sinumang imbestigador ng Xylem o ng pamahalaan

5. Mga Salungat ng Interes

Ano ang Salungat ng Interes?

Ang salungatan ng interes ay nagaganap kapag ang personal na interes ay humahadlang sa, o mukhang humahadlang sa, ating kakayahang gumawa ng walang kinikilingang pagdedesisyon sa mga pinakamagandang interes ng Xylem. Ang pag-iwas ng aktwal o malinaw na salungat na interes ay lumilikha at nagpapanatili ng tiwala ng ating kostumer at ng mga ibang kasosyo, ang ating mga kapwa empleyado at ang publiko, kaya kritikal para sa lahat na maging mapagmatyag sa larangang ito. Kahit na hindi posibleng sabihin ang bawat sitwasyon kung saan ang salungat na interes ay maaaring magsimula, ang mga sumusunod na seksyon ay tumutugon sa mga pangkaraniwang pangyayari.

Mga Ugnayan ng mga Empleyado

Ang salungat na interes ay karaniwang lumilitaw kapag may mga personal na ugnayan sa pagitan ng mga empleyado. Kahit na ang mga ugnayang ito ay hindi talagang nang-iimpluwensiya sa tama, hindi naaapektuhang desisyong pangnegosyo, maaari itong lumitaw na nagkakaroon ng epekto. Lalong-lalo na kung tayo ay may direkta o hindi direktang pagrereport na ugnayan sa minamahal o kapamilya. Bukod dito, malamang na magmumukhang hindi naaangkop kung magsasagawa tayo ng trabaho, may sahod man o wala, sa isang taong ating direkta o di direktang pinagrereportan. Bilang pangkalahatang alituntunin, iwasan ang mga ganitong sitwasyon. Kung ikaw ay may personal na relasyon na maaring magmukhang mang-iimpluwensiya sa iyong pagdedesiyon, ipaalam kaagad ito sa iyong tagapangasiwa o superbisor, iyong lokal na departamento ng Human Resources o ng Legal na departamento ng Kumpanya.

Personal na Pakinabang sa Mga Pagkakataon ng Kumpanya

Sa panahon ng ating pagtatrabaho sa Xylem, maaari nating malaman ang tungkol sa mga pagkakataon sa negosyo na tayo ay magkakaroon ng personal na interes. Hindi natin maaaring ipagpatuloy o mag-utos sa sinumang ikatlong partido upang ipagpatuloy ang anumang oportunidad na ating nalaman na may kaugnayan sa ating trabaho o sa paggamit ng ari-arian at impormasyon tungkol sa kompanya, maliban kung mayroon tayong nasusulat na pagpapahintulot mula sa Legal na Departamento ng Kumpanya.

Pakikipagkalakalan sa mga Kapamilya

Dapat tayo maging maingat kapag ang isa sa pinakamalapit na kapamilya natin ay nagtatrabaho para sa isang kumpanyang kakalakal o naglalayong makipagkalakalan sa Xylem. Kung madidiskubre mo ang iyong sarili na nasa naturang sitwasyon at ang iyong trabaho ay may kinalaman sa paggawa ng desisyon sa negosyo na kasangkot ang kumpanyang iyon, kailangan mong agarang sabihin ang iyong sitwasyon sa iyong tagapangasiwa, tagapamahala, o sa Legal na Departamento ng Kumpanya.

T: Si Alexis, isang tagapangasiwa sa pamimili, ay nagkaroon ng problema sa isang tagapag-suplay ng Xylem. Kinailangan niyang palitan agad ang tagapag-suplay upang hindi mahuli sa nakatakdang iskedyl ang proyekto. Ang kanyang kapatid na lalake ay nagbibigay ng parehong serbisyo sa mas mababa pang presyo. Maaari bang kunin ni Alexis ang kumpanya ng kanyang kapatid upang pumalit?

S: Hindi. Hindi maaaring upahan ni Alexis ang kumpanya ng kanyang kapatid. Kung gusto niyang irekomenda ang kumpanya ng kanyang kapatid, maaari niyang gawin ito, ngunit kailangan niyang ibunyag ang kanilang ugnayan sa kanyang tagapangasiwa o tagapamahala at tanggalin niya ang sarili sa proseso ng pagpili ng tagapag-suplay. Tandaan, dapat nating iwasan na makita ng iba na tayo ay may kinikilingan, at kailangan hindi tayo magsagawa ng madaliang paraan sa proseso ng pagbi-bid.

Pamumuhunan sa Tagalabas na Negosyo

Ang isang salungat na interes ay maaaring lumitaw kapag ikaw o isang kapamilya ay may hinahawakang pampinansiyal na interes sa isang pribadong pagmamay-ari ng kumpanya na kakalalakal o kakumpetensiya ng Xylem. Ang potensyal na salungat ng interes sa sitwasyong ito ay karaniwang depende sa laki ng iyong puhunan, at ang iyong ginagampanang tungkulin sa Xylem at ang ugnayan sa negosyo sa pagitan ng Xylem at ng iba pang kumpanya. Dapat kang kumuha ng nakasulat na pagpapahintulot mula sa Departamento ng Human Resources ng Kumpanya bago gumawa ng naturang pamumuhunan.

Pagtrabaho sa Labas

Kinakailangan nating maging maingat upang matiyak na ang ating interes at gawain sa labas ay hindi sasalungat sa ating obligasyon sa Xylem. Dahil sa ang trabaho sa labas ay maaaring magpalitaw na tayo ay may kinikilingan o makapinsala sa ating kakayahang gumawa ng desisyon sa mga pinakamagandang interes ng Xylem, hindi tayo maaring magtrabaho, bilang isang empleyado o bilang isang kasangguni para sa, o magkaroon ng ugnayan sa isang kakumpetensiya, kostumer o tagapag-suplay ng Xylem nang walang paunang nakasulat na pagpapahintulot mula sa Departamento ng Human Resource ng Kumpanya.

.....

T: Ang isang kumakatawan sa tagapag-suplay na malapit na katrabaho ni Daniel sa ngalan ng Xylem ang nanghihikayat sa kanyang magtrabaho bilang isang kasangguni sa kumpanya nito tuwing mga araw ng linggo na walang trabaho. Maaari bang tanggapin ni Daniel ang trabaho?

S: Malamang na hindi. Kahit pa kung ang trabaho ay hindi makakaapekto sa kakayahan ni Daniel upang magtrabaho nang walang pagkiling sa tagapag-suplay, maaaring isipin ng iba na siya ay hindi patas o hindi naaangkop na naiimpluwensyahan. Kung gugustuhin ni Daniel na kunin ang posisyon, dapat siyang makatanggap ng nakasulat na pagpapahintulot mula sa Departamento ng Human Resources ng Kumpanya.

6. Mga Kagandahang-loob Sa Negosyo

Mga Regalo at Aliwan

Ang pangangalakal nang may integridad ay nangangahulugan ng pagtupad sa lahat ng mga batas at hindi kailanman paghanap ng paraan para sa hindi nararapat na impluwensiya sa mga desisyon sa negosyo. Sa kadahilanang ito, napakahalaga na ang bawat isa sa atin ay magkaroon ng kaalaman ng lahat ng mga naaangkop na batas at gamitin ang sentido kumon at magdesisyong mabuti kapag nagbibigay o tumatanggap ng mga pagmamagandang loob sa negosyo. Ang “pagmamagandang loob sa negosyo” ay isang bayad ng anumang mga may halaga, kasama na ang pera, aliwan, pagkain, mga pagtitipon, pagtitipong pampalakasan, pabor, regalo, diskwento at serbisyo.

Sa pangkalahatan, hindi tayo maaaring mag-alok o tumanggap ng isang pagmamagandang-loob sa negosyo kung ito ay:

- Lumabag sa anumang batas, alituntunin, patakaran na umiiral sa nagbibigay at sa tumatanggap
- Maaaring tukuyin bilang isang suhol, lagay o kita sa pakikisabwatan (tingnan ang “Laban sa Katiwalian” na seksyon ng ating Kodigo)
- Lumalabag sa mga nakaugaliang gawi sa pangangalakal
- Nagpapalitaw ng hindi tama o maaaring pagsimulan ng salungat na interes

Lahat tayo ay sumasailalim sa mga batas laban sa katiwalian na siyang nangangasiwa sa pagpapalitan ng kagandahang-loob sa negosyo sa mga opisyal ng pamahalaang wala sa U.S., kasama na ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act (Batas ng U.S. sa Katiwalian Gawi ng Dayuhan - FCPA) at ang mga batas na laban sa katiwalian ng maraming bansa kung saan tayo ay nangangalakal. Kung ang iyong trabaho ay may kinalaman sa pandaigdigang negosyo, mangyaring pag-aralan ang “Pandaigdigang Negosyo - Laban sa Katiwalian” na bahagi ng ating Kodigo.

Dapat nating palaging iwasan ang mga sitwasyon na ang kagandahang loob sa negosyo ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa reputasyon ng ating Kumpanya o sa atin na kasangkot. Tandaan na huwag natin kailanmang susubukang lumusot sa mga patakarang ito sa pamamagitan ng paggamit ng ating personal na pondo o sa pagsali ng isang ahente o kinatawan upang magbayad para sa anumang kagandahang loob ng negosyo na hindi natin mismong mababayaran. Ang patnubay sa seksyong ito ang namamahala rin sa mga gawi ng ating mga kapamilya at mga malapit na kaibigan, tulad din ng mga ahente at mga kumakatawan ng Xylem. Ang anumang di-pagkakasali sa Kagandahang-loob sa Negosyo ay dapat na tiyakang naaprubahan sa pamamagitan ng pagsulat ng presidente (o ng kanyang kahalili) ng iyong value center at ng Legal na departamento ng Kumpanya. - Kung ikaw ay hindi bahagi ng isang value center, dapat ka munang makatanggap ng isang nakasulat na pagpapahintulot mula sa Punong Opisyal ng Mga Etika at Pagpapasunod (Chief Ethics & Compliance Officer) ng Xylem.

Mga Kagandahang-loob sa Komersyal na Negosyo

Ang pag-alok ng mga pagmamagandang-loob sa mga komersyal

na (hindi sa pamahalaan) kostumer: Ang pakikipagpalitan ng makatwiran at limitadong kagandahang-loob ng negosyo sa mga komersyal na kostumer ay itinuturing na lehitimong gawi ng negosyo sa buong mundo. Kahit na hindi tayo dapat kailanman mag-alok ng mga naturang kagandahang-loob upang tayo ay makakuha o makapagpanatili ng negosyo nang hindi nararapat, maaari natin silang alukin bilang bahagi ng magandang pakikitungo sa ating mga kostumer at upang itaguyod ang mga produkto at serbisyo ng Kumpanya. Ikaw ay maaaring magbigay sa mga kinatawan ng komersyal na kostumer ng anuman sa mga sumusunod:

- Libangan na dadaluhan mo at ng mga kinatawan ng kostumer at ito ay makatwiran, hindi palagian, para sa lehitimong layuning pangnegosyo, alinsunod sa mga normal na gawi sa industriya at lokal na batas, at mga nagpapalalim ng ugnayang pangnegosyo sa kostumer (tulad ng pampalakasan na kaganapan at mga kainan)
- Mga regalo sa mga araw ng pagdiriwang kaugnay sa itinuturing na lokal na pagdiriwang o kaganapan
- Ang mga bagay bilang paglulunsad ng Xylem tulad ng mga token na may halaga na nagtataglay ng pagkakakilanlan ng Xylem (pangalan, logo, atbp.) at ipinamimigay sa lahat ng kostumer bilang patalastas o naglalayong magpapaalala o makakamit ng magandang turingan

Hindi tayo maaaring makapag-alok ng marangya, mamahalin o hindi makatwirang kagandahang-loob.

Ang pagtanggap ng kagandahang-loob mula sa komersyal na kostumer:

Ang mga patnubay sa pagbigay ng kagandahang-loob sa komersyal na kostumer ay naaangkop rin kapag tumatanggap ng kagandahang-loob mula sa kanila. At hindi kailanman tayo manghihingi ng kagandahang-loob o mangangako ng isang desisyon sa negosyo bilang kapalit ng naturang kagandahang-loob.

Kung ikaw ay inaalok ng kagandahang-loob o regalo na lumalampas sa kaunti o sa halaga ng token, o sa tingin mo'y hindi naaayon sa ating gawi sa negosyo, kailangan mo itong tanggihan at ipagbigay-alam sa iyong tagapangasiwa o tagapamahala. Anumang mga hindi kasali sa mga gabay na ito ay dapat na partikular na maaprobahan sa pamamagitan ng pagsulat ng presidente ng inyong grupo (o ng kanyang itinalaga) at ng Legal na

Departamento ng Kumpanya. Kung hindi ka bahagi ng isang grupo, dapat kang makatanggap ng nakasulat na pagpapahintulot mula sa Punong Opisyal ng Etika at Pagpapasunod ng Xylem.

Mga Kagandahang-loob sa Pakikipagkalakalan sa Pamahalaan

Mga empleyado at opisyal ng pederal at estado ng U.S.: Ang pamahalaan ng U.S. ay may mga mahigpit na batas at patakaran na sa pangkalahatan ay nagbabawal sa mga empleyado sa pagtanggap ng anumang bagay na may halaga kasama na ang personal na pabor, diskwento, aliwan, mabuting pagtanggap ng bisita, pagsasanay, sasakyan, lokal na paglalakbay, tulugan at mga pagkain. Maraming estado o lokal na pamahalaan ang may mga kaparehong batas at patakaran. Sa kadahilanang ito, ikaw ay hindi maaaring mag-alok o magbigay ng anumang bagay na may halaga sa kahit sinong empleyado ng pederal, estado o lokal na pamahalaan ng U.S., opisyal ng militar, opisyal ng politika, o partidong politikal nang wala munang nakasulat na pagpapahintulot mula sa Legal na Departamento ng Kumpanya. Sa mga ilang sitwasyon, maaaring katanggap-tanggap ang magpakain sa simpleng salu-salo lamang sa isang pagpupulong sa trabaho o mag-alok ng mga bagay na may murang halaga, tulad ng softdrinks, kape, at mga maliliit na merienda, pati na rin ang mga kalendaryo, bolpen, at mga tasang pangkape. Subalit, dahil sa mga mahigpit na mga batas at alituntunin na dapat nating sundin, dapat nating talakayin ang mga sitwasyon sa Legal na Departamento ng Kumpanya bago pumasok sa ganitong gawain.

Wala sa pamahalaan ng U.S. na opisyal at mga empleyado: Tulad ng nakasaad sa itaas, tayong lahat ay sinasakupan ng mahigpit na batas na tulad ng FCPA at ang mga laban sa katiwalian na batas ng mga bansa kung saan tayo ay nangangalakal na sumasaklaw sa pakikipagpalitan ng regalo at aliwan sa mga opisyal at empleyado ng pamahalaan sa labas ng U.S. Halos lahat ng mga bansang ito ay nagbabawal sa kanilang mga opisyal sa pagtanggap ng anumang mga pagmamagandang-loob. Kung ang trabaho mo ay may kinalaman sa pakikitungo sa mga opisyal ng pamahalaan, mangyaring pag-aralan ang “Pandaigdigang Negosyo - Laban sa Katiwalian” na seksyon ng ating Kodigo.

T: Si Franco ay kasama sa pagpapalano sa isang kasiyahan at madalas na nakikipagkalakalan sa mga hotel, kainan, at mga ahente ng paglalakbay. Inalok siya ng libreng pagkain para sa buong pamilya niya ng isang restawran na madalas niyang ginagamit sa mga pagpupulong ng Xylem. Maaari ba niyang tanggapin ang alok?

S: Hindi. Sa pagtanggap niya ng libreng pagkain nang walang layuning pangnegosyo, maaari itong magmukhang waring tinatangka ng restawran na impluwensiyahan ang mga pagdesisyong pangnegosyo ni Franco sa hinaharap. Nararapat na magalang na tanggihan ni Franco ang alok ng restawran.

T: Si Naomi ay malapit na nagtatrabaho sa kinatawan ng kostumer. Nagpapasama sa kanya ang kinatawan sa isang propesyonal na kaganapan sa palakasan sa susunod na linggo. Sinabi niyang siya ay umaasa na sana ay mapag-usapan ang tungkol sa negosyo bago at pagkatapos ng laro. Maaari bang tanggapin ni Naomi ang tiket?

S: Oo, basta't ang tiket para sa kaganapan ay may makatwirang halaga at alinsunod sa normal na gawi ng industriya at ng mga lokal na batas. Si Naomi at ang kinatawan ng kostumer ay makakapunta sa kaganapan, at may malinaw na layuning pangnegosyo para sa paglilibang.

7. Mga Kontrata sa Pamahalaan

Pakikipagkalakalan sa mga Pamahalaan

Dapat tayong makipagkalakalan sa lahat ng pamahalaan at ahensya ng pamahalaan at ng kanilang mga kinatawan nang naaayon sa etika at alinsunod sa mga angkop na batas at alituntunin, kasama na ang mga bansa kung saan tayo ay nangangalakal. Kung ikaw ay nag-aalala sa pagtupad sa mga batas ng isang bansa na maaaring hindi naaayon sa pagtupad sa Kodigong ito o sa mga batas ng anumang bansa, humingi ng patnubay mula sa Legal na departamento ng Kumpanya. Sa atin na ang trabaho ay may kinalaman sa mga kontrata ng pamahalaan ay dapat na gawing pamilyar ang ating mga sarili sa mga batas, alituntunin at regulasyon na naaangkop sa ating mga tungkulin sa trabaho. Tandaan, ang mga kinakailangang ito ay karaniwang mas mahigpit kaysa sa mga namamahala sa ating mga komersyal na kontrata.

Mga Talakayan sa Trabaho sa mga Empleyado ng Pamahalaan

May mga detalyadong alituntunin ang nangangasiwa sa pagkuha bilang empleyado ng mga kasalukuyan at dating opisyal at mga empleyado ng pamahalaan, tauhan ng militar o ng mga miyembro ng kanilang pamilya. Bago simulan ang pagtalakay sa pagkuha ng mga empleyado sa sinumang indibidwal, kinakailangan mong makipag-ugnayan sa iyong lokal na Departamento ng Human Resources o Legal na Departamento ng Kumpanya.

Mga Talakayan sa Trabaho sa mga Empleyado ng Pamahalaan

Kahit na ang mga kinakailangan para sa pakikipagkalakalan sa pamahalaan ng U.S. ay napakarami at mahirap talakayin nang detalyado sa ating Kodigo, dapat nating patuloy na isaisip ang mga sumusunod na pangkalahatang prinsipyo. Kung ikaw ay sumali sa subastahan para sa, pagmumungkahi, pagbuo o pagsasagawa ng kontrata ng pamahalaan ng U.S., dapat mong malaman at sundin ang mga regulasyon na naaangkop sa iyong trabaho. Kailangan ka ring makipag-ugnayan sa Legal na Departamento ng Kumpanya o, kung naaangkop, sa Contract department (o departamento ng Kontrata) sa inyong “value center” kung ikaw ay may mga katanungan at mga alalahanin bago magsagawa ng anumang aktibidad na may kaugnayan sa pakikipagkasunduan sa pamahalaan ng U.S.

Sa pagsisikap na makakuha ng kontrata sa pamahalaan ng U.S., o sa ibang kostumer na tuwiran o di-tuwirang sumusuporta sa pamahalaan ng U.S. bilang gumagamit na kostumer, mayroon tayong pananagutang ganap na tuparin ang lahat ng naaangkop na mga batas at alituntunin. Sa panahon ng prosesong ito, hindi tayo maaaring sumali sa anumang aktibidades na maaaring magbigay sa Xylem ng hindi patas na kalamangan sa kumpetisyon at/o maging iligal, kasama na ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pagsubok na makakuha o gumamit ng lihim na impormasyon ng pamahalaan o kakumpetensiya, tulad ng di pampublikong subastahan o iminungkahing impormasyon, paglagay ng presyo o mga datos ng presyo, impormasyong pagmamay-ari, impormasyon tungkol sa mga paraan o di-tuwirang halaga, o impormasyong galing sa ahensya
- Paggamit ng di wasto o kulang na mga numero bilang batayan para sa mga subastahan ng presyo o pagsumite nang di wasto o kulang na halaga ng gastos o mga datos ng pagpresyo sa panahon ng pagmumungkahi ng kontrata at pakikipagnegosasyon ng mga kontratang sakop ng Truth in Negotiations Act
- Pagsali ng sinumang ahente o kasangguni na ating pinaniniwalaang magsasagawa ng di katanggap-tanggap na pag-iimpluwensiya upang makuha ang kontrata ng pamahalaan

Kapag isinasagawa ang kontrata sa pamahalaan ng U.S. o sa ibang kostumer na tuwiran o di-tuwirang sumusuporta sa pamahalaan ng U.S. bilang gumagamit na kostumer, dapat nating palaging alamin at tuparin ang lahat ng mga kinakailangang naaangkop sa aktibidad na ito. Ang mga halimbawa sa mga kinakailangang ito ay kinabibilangan ng:

- Wastong sertipikasyon ng partikular na katotohanan
- Pagpapanatili ng mga wasto at kumpletong talaan
- Mga obligasyon sa babayaran, pagpresyo at accounting
- Mahigpit na pagtupad sa mga detalye ng kontrata
- Tamang paggamit ng ari-arian, kagamitan at mga suplay ng pamahalaan
- Pagbahagi sa mga pumapangalawang kontratista ng lahat ng mga ipinag-uutos at ibang naaangkop na probisyon mula sa Federal Acquisition Regulation (FAR) at mga karagdagang FAR ng ahensya

Kumpidensiyal na Impormasyon ng Pamahalaan ng U.S.

Ang mga alituntuning pangseguridad na may kinalaman sa pangangalaga ng kumpidensiyal na impormasyon ng pamahalaan ay kumplikado at nag-iiba batay sa ahensiyang pampamahalaan. Tayo ay inaatasang pangalagaan nang maayos at kontrolin ang “access” sa lahat ng kumpidensiyal na impormasyon ng pamahalaan na nasa kamay at pangangalaga ng Xylem. Ang bawat isa sa atin, ganun din ang ating mga bisita, kasangguni at pumapangalawang kontratista, ay dapat nating gawing pamilyar sa lahat ng naaangkop na mga alituntuning pangseguridad at panatilihin ang naaangkop na pagpapahintulot tungkol sa pagkuha ng access sa kumpidensiyal na impormasyon. Para sa tulong at impormasyon na pangseguridad, makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Etika at Seguridad ng Xylem. Mangyaring tawagan ang iyong tagapamahala, tagapangasiwa o ang Legal na Departamento ng Kumpanya kung ikaw ay may anumang katanungan hinggil sa mga batas o alituntunin na maaaring makaapekto sa trabahong pagkontrata sa pamahalaan na iyong isinasagawa sa ngalan ng Xylem.

T: Si Oliver ang nangangasiwa sa isang kontrata sa pamahalaan na may maraming kinakailangan sa pagsusubok. Alam niyang gumagawa ang kanyang koponan ng dekalidad na produkto at, sa palagay niya, ang ilan sa mga pagsusubok na ito ay paulit-ulit at nag-aaksaya ng buwis at salapi ng taong-bayan. Kinakailangan bang isagawa ni Oliver ang mga pagsusuri?

S: Oo. Kung sa palagay ni Oliver na ang mga pagsusuri ay di na kinakailangan, nararapat siyang humingi ng pagsang-ayon sa naaangkop na opisyal ng pamahalaan upang mabago ang kontrata. Hanggang sa makuha niya ang naturang pagsang-ayon, kinakailangan niyang gawin nang wasto ayon sa itinatakda ng kontrata.

8. Pandaigdigang Negosyo

Pagsunod sa mga Pandaigdigang Batas

Ang Xylem ay isang pandaigdigang kompanya na itinatag sa ilalim ng batas ng U.S. Kaya naman nararapat na tayo ay sumunod sa mga batas ng U.S. at sa mga bansang ating kalakalan. Dapat din tayong maging sensitibo sa mga kultura at kaugalian ng mga bansang ito kung saan tayo ay nakikipagkalakalan.

Mga “Export at Import”

Ang mga pamahalaan sa buong mundo ay nangangasiwa sa kalakalang pang-ibayong dagat sa pamamagitan ng mga pagtatakda ng limitasyon sa pag-eksport at pag-angkat ng mga paninda, teknolohiya, impormasyon at serbisyo. Ang ilan sa mga kontrol sa kalakalan ay malamang na mas mahigpit kaysa sa iba. Kung ang iyong trabaho ay may kaugnayan sa mga gawaing pandaigdigang pangangalakal o kung ikaw ay nakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng iba't-ibang bansa, tungkulin mong alamin nang lubos at sumunod sa may kaugnayang mga batas at alituntunin. Hindi ka maaaring magpasali ng ikatlong partido upang makibahagi sa ipinagbabawal na gawain sa ngalan ng Xylem nang hindi ka pinahihintulatang ito'y isagawa.

Ang “export” ay nagaganap sa oras na ang produkto, serbisyo, teknolohiya o kapisang impormasyon ay tumatawid sa hangganan ng isang bansa o inilipat sa anumang mga pamamaraan, kasama na ang elektronik na pamamaraan, sa pagitan ng mga mamamayan ng magkaibang bansa, kahit na ang paglipat ay magaganap sa loob ng isang bansa. Upang makasunod sa mga batas at alituntuning kumukontrol sa pag-export, isagawa ang mga sumusunod na hakbang bago isagawa ang pag-export:

- Tiyakin kung ang produkto, serbisyo o teknolohiya ay sumasailalim sa anumang pagbabawal o paghihigpit
- Tiyakin kung ang tumatanggap ay karapatdapat na tumanggap ng aytem
- Siguraduhin na ang sinumang mga may kinalaman na kostumer, kontratista, tagapag-suplay, ahente at kinatawan ay sumailalim sa pagsusuri ayon sa naaangkop na talaan ng pamahalaan ng mga partido na pinagbabawalang makipagkalakal

Ang gawaing “import”, o pagdadala ng mga paninda na binili mula sa dayuhan o panlabas na pinagkukunan sa ibang bansa, ay sumasailalim din sa mga batas at alituntunin. Ang gawaing ito ay maaaring mangailangan ng pagbayad ng buwis na ipinapataw sa mga bagay na inaangkat, gayun din ang pagsusumite ng partikular na mga papeles.

Ang pag-import at pag-export ng mga paninda, serbisyo o teknolohiya nang walang nauukol na pagsang-ayon ng pamahalaan ay maaaring magbunga ng pagkawala ng mga pribilehiyo at mga iba pang matinding parusa. Para sa gabay sa mga kontrol at kinakailangan sa pag-import o pag-export, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong kinatawan ng Trade Compliance o sa Tagapamahala ng Trade Compliance ng Xylem.

T: Kailangan magpadala si Henrik ng mga impormasyong teknikal na kinokontrol ng pamahalaan ng U.S. sa mga partikular na empleyado ng Xylem na hindi mamamayan ng U.S., ngunit nasa U.S. Kailangan niyang ipadala agad ang mga datos upang mapanatiling tuloy-tuloy ang kanyang proyekto. Maaari ba niyang i-email ang mga dokumento sa mga empleyadong ito?

S: Hindi. Dapat munang tiyakin ni Henrik na ang mga indibidwal na ito ay pinapahintulutang tumanggap ng mga datos. Maaari niyang gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kanyang Kinatawan o sa Tagapamahala ng Trade Compliance ng Xylem. Mahalagang isaisip na ang pagiging empleyado ng Xylem lamang ay hindi nagbibigay ng karapatan sa indibidwal na magkaroon ng access sa mga paninda, impormasyong pangteknolohiya o serbisyo na pinamamahalaan ng mga batas ng pag-export ng U.S. o ng mga ibang bansa, maging saan man matatagpuan ang isang tao.

Laban sa Pag-boycott

Ang mga “pag-boycott” ay nagaganap kung ang isang tao, grupo o bansa ay tumanggap makipagkalakalan sa isang tao, grupo o mga bansa bilang isang pagprotesta, isang pagpapahayag nang di pagsang-ayon o paraan ng pamumuwersa. Hindi tayo maaaring sumali sa o magsagawa ng mga pag-boycott na hindi sinusuportahan ng U.S., tulad ng Arab League Boycott sa Israel. Ito ay nangangahulugan na hindi tayo maaaring sumang-ayon sa isang kontrata, dokumento o berbal na kahilingan na naglalaman ng lengguaheng maaaring isalin bilang pagtangka ng isang tao, grupo o bansa upang maisakatuparan ang di-pinahihintulutang pag-boycott.

Ang mga hiling para sa pakikiisa sa boykot ay maaaring mahirap tukuyin, ngunit karaniwang lumilitaw sa mga kontrata, liham ng pag-utang, o sa mga nasa “bid” at pagmumungkahi ng mga materyales. Kung nakatanggap ka ng kahilingang sumali sa isang “boycott” na hindi kinikilala ng U.S., dapat mo itong agaran na ipagbigay-alam sa Legal na Departamento ng Kumpanya at sa Tagapamahala ng Trade Compliance ng Xylem, kahit na hindi ka pumayag na sumali o hindi sumagot.

Laban sa Katiwalian

Sa Xylem, ang panunuhol ay hindi kailaman pinahihintulutan, kahit na ikaw ay nakikipag-ugnayan sa pamahalaan o komersiyal na kostumer. Dahil dito, hindi tayo kailanman maaaring magsagawa ng panunuhol at dapat na sumunod sa lahat ng mga naaangkop na mga batas at alituntunin laban sa katiwalian kasama na ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act (FCPA) at mga kaparehong batas sa ibang bansa na ating pinangangalakalan. Ito ay nangangahulugang hindi tayo:

- Tuwiran o di-tuwiran na mag-aalok, magpahintulot, mangako o magbigay ng suhol, mga “kickback”, mga lagay o iba pang bayad sa sinumang mga opisyal ng anumang U.S. at dayuhan (sa labas ng U.S.) na pamahalaan para sa layuning makakuha o mapanatili ang negosyo
- Tuwiran o di tuwiran na pag-alok, pagpapahintulot, pangako o pagbigay ng suhol, kupit, kabayaran o iba pang mga kabayaran sa komersyal (hindi pampamahalaan) ng kostumer para makakuha o mapanatili ang negosyo
- Tuwiran o di tuwiran na paghingi, pagsang-ayon na tumanggap ng suhol, kupit, kabayaran o iba pang mga kabayaran kaugnay ng negosyo ng Xylem

Ang mga alituntunin ay iiral sa lahat ng pagkakataon, kahit na kung ang pagsasagawa ng mga pagbayad ay sumusunod sa mga lokal na nakaugaliang gawi. Nararapat din nating iwasan ang mga anumang kilos na maaaring lumikha ng paglitaw ng di wastong pag-impluwensya sa isang opisyal ng pamahalaan o komersyal na kostumer.

Sino ang isang Opisyal ng Dayuhang Pamahalaan? Ang “mga opisyal ng Dayuhang Pamahalaan” ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga empleyado at opisyal na hindi taga- pamahalaan ng Estados Unido sa anumang antas ng pamahalaan, mga miyembro ng politikal na partido, mga opisyal ng pamahalaan at mga empleyado ng mga sangay na pagmamay-ari, pinamamahalaan o kinokontrol sa buo o bahagi lamang ng isang pamahalaan.

Ano ang Suhol o Kickback? Ang “suhol” ay isang kabayaran sa anumang halaga, katulad ng pera, regalo, serbisyo, mga internship, mga bakasyon o magarbong libangan, na isinagawa para sa layuning pagkuha o pagpapanatili ng negosyo. Ang “kickback” ay ang pagsauli ng halaga ng dating nabayaran o nararapat na bayaran bilang bahagi ng isang legal na kontrata, bilang pabuya sa pagsasagawa o pag-uudyok sa mga pag-aayos ng negosyo.

Ano ang Komersyal na Suhol? Nagkakaroon ng “komersyal na suhol” kung ang isang kumpanya ay nagbibigay ng suhol o kickback sa ibang kumpanya upang sa ganun ay makuha o mapanatili ang negosyo. Nangangahulugan itong hindi tayo maaaring mag-alok ng anumang bagay na labis sa halaga o halaga ng token sa sinumang kostumer o kasosyo sa negosyo, o sa sinumang nagtatrabaho sa ngalan nila.

Ano ang Padulas? Ang mga pagpapadaling pagbabayad ay pangkaraniwang tinatawag na “padulas.” Ang mga ito ay maliliit na kabuuan ng pera o mga regalo na ibinibigay sa mababang antas na empleyado ng pamahalaan sa labas ng U.S. upang maisagawa o padaliin ang pagsasagawa ng isang pangkaraniwang gawain pangpamahalaan na kung saan nararapat ang Xylem sa pagkuha ng permit, lisensiya o iba pang opisyal na dokumento; paglalakad ng mga bisa o mga order na trabaho; paglalagay o pagtatanggal ng nilalaman ng kargo; o pagbibigay ng serbisyo sa telepono, tubig at kuryente. Sa lahat ng pagkakataon, ang empleyado ng pamahalaang hindi taga-Estados Unidos ay walang pag-iingat kung magsagawa ng kilos na pinag-uusapan o hindi. Kahit na pinahihintulutan ng batas ng U.S. ang naturang mga kabayaran sa ilalim ng limitadong sitwasyon, hindi pinahihintulutan ng karamihan ng mga bansa ang mga kabayaranang ito at itinuturing ang mga ito na ilegal, ipinagbabawal na mga suhol. Ipinagbabawal ng Xylem ang mga ito, nang may iilan lamang na eksepsyon na ibibigay ng Legal na Departamento ng Xylem o sa mga sitwasyon na ang kalusugan at kaligtasan ng isang tao ay nabibingit sa panganiib.

Dapat tayong labis na mag-ingat kung nagsasagawa ng anumang gawain na maaaring ituring bilang pagsisikap na hindi wastong impluwensiyahan ang opisyal ng dayuhang pamahalaan. Ang anumang mga regalo, mabuting pagtanggap o biyahe na sadyang para sa mga opisyal ng dayuhang pamahalaan ay dapat na pinahihintulutan muna sa pamamagitan ng pagsusulat ng Legal na Departamento ng Kumpanya. Mangyaring sumangguni sa naaangkop na mga patakaran at proseso ng Kompanya para sa patnubay.

Dahil sa ang Xylem ay maaaring managot para sa mga kilos ng iba, dapat tayong magsagawa ng pag-iingat kung papahintulutan ang ikatlong partido na kumilos sa ngalan natin, sapagkat ang kanilang mga kilos ay maaaring iparatang sa Xylem. Tayo ay hindi maaaring magsama ng ikatlong partido upang magsagawa ng anumang paglabag sa ating Kodigo, patakaran ng Kumpanya o anumang naaangkop na batas o alituntunin. Kung magsasali ng mga ikatlong partido, tiyaking sunding mabuti ang mga patakaran na nakasaad sa “Ano ang inaasahan sa atin kung magsasali ng ikatlong partido?” na seksyon ng ating Kodigo.

9. Paghadlang sa Pandarambong

Ang Xylem ay tapat sa pagtupad sa mga batas ng pandarambong sa buong mundo. Ang pandarambong ay nagaganap kung ang mga kumpanya o indibidwal ay nagtatangkang magbalatkayo o magtago ng mga nalikom sa mga gawaing ipinagbabawal ng batas sa pamamagitan ng paglipat ng mga ilegal na nalikom na mga pondo sa paraan na itinatago ang mga pinagkunan ng mga pondo (kilala bilang “cleaning funds”) upang sila ay lumitaw na lehitimo. Ang mga naturang gawain ay pinagtutuunan ng labis na atensiyon ng mga pamahalaan, pandaigdigang organisasyon at mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa buong mundo.

Hindi kinukunsinti, isinasagawa o sinusuportahan ng Xylem ang pandarambong ng pera. Mahalagang maging alerto tayong lahat para sa anumang di pangkaraniwang transaksyon na may kinalaman sa gawaing pandarambong ng pera, katulad ng:

- Mga iregularidad sa anumang paraan ng pagbabayad na isinasagawa, kasama ang mga malalaking halagang kabayaran
- Ang mga kabayang isinagawa ng mga ikatlong partido para sa pakinabang ng ibang partido
- Mga kabayaran sa bangko na matatagpuan sa malayong baybayin

Lahat tayo ay may pananagutang magsagawa ng kaukulang pagsisiyasat sa ating mga kostumer, tagapag-suplay at kasosyo sa negosyo. Agarang ipagbigay-alam ang anumang kahinahinalang gawaing pampinansyal o mga transaksyon sa mga Pampinansyal o Legal na Departamento ng Kumpanya.

10. “Antitrust” at Kumpetisyon

Patas na Pangangalakal

Bagaman tayo sa Xylem ay masiglang nakikipagkumpetensiya upang manguna sa industriya, dapat tayong maging patas, ang maging maingat sa pakikipag-usap nang matapat at kumatawan nang wasto ang kalidad, katangian at ang pagkakaroon ng ating produkto at mga serbisyo. Nangangahulugan itong pagpapanatili ng mataas na pamantayan ng katapatan at pagiging patas kung nakikipagkalakalan, nagpapataguyod at nagpapatalastas at umiibig sa pagsasagawa ng mapahamak o mga di-totoong pahayag tungkol sa mga produkto at serbisyo ng ating kakumpetensiya.

Sa pamamagitan ng ating trabaho, tayo ay maaaring magkaroon ng impormasyon sa hindi pampublikong kakumpetensiya na maaaring magbigay sa ating Kompanya ng kalamangan sa kumpetisyon. Dapat tayong maging maingat sa pagkalap at pagtanggap ng impormasyong ito nang naayon sa batas at sa etika. Habang ito ay maaaring maging legal para sa atin na gamitin ang partikular na impormasyong pangkumpetisyon, ito ay maaaring di ayon sa etika o di matalino para sa atin na gawin ito. Samakatwid, di natin kailanman dapat gamitin o ibunyag ang naturang impormasyon nang wala munang tinatanggap na kaukulang pagpapahintulot mula sa ating tagapangasiwa o tagapamahala. Kung ikaw ay "nagbibid" para sa isang kontrata ng pamahalaan at nakatanggap ng impormasyon mula sa pinagmulan na ito'y ginagamit ang pamahalaan sa pagtatasa ng bid o mga mungkahi, agarang sumangguni sa Legal na departamento ng Kumpanya.

Patas na Kumpetisyon

Nakikipagkumpetensiya ang Xylem ayon sa etika at alinsunod sa batas sa pandaigdig na pamilihan. Hindi tayo sa anumang oras maaaring sumali sa mga gawaing hindi patas na humahadlang sa malayang kalakalan o kumpetisyon.

Upang makipagkumpetensiya nang patas, dapat tayong sumunod sa mga batas na laban sa tiwaling pangangalakal na lumalabag sa pagtitiwala (o antitrust) at ng kumpetisyon na naitatag sa mga bansa na ating pinangangalakalan. Ang mga batas na ito ay ginawa upang mapanatili ang patas at pantay-pantay na pakikipagkumpetensiyahan para sa lahat ng mga negosyo sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga pormal at di pormal na kasunduan at kasanayan na humahadlang nang hindi naaangkop sa kalakalan. Upang tumupad sa mga batas na ito, hindi maaaring makipag-usap sa mga kakumpetensiya ng tungkol sa mga gawi na maaaring humadlang sa kalakalan, tulad ng pagpapanatili ng presyo, pandaraya sa pagbi-bid, o di wastong paghati-hati o paglalaan ng mga pamilihan, teritoryo o (kostumer).

Ipinagbabawal din ng mga batas na Laban sa Tiwaling Pangangalakal at Kompetisyon ang pagpasok sa mga pormal at di pormal na kasunduan sa mga tagapag-suplay, tagapamahagi o kostumer na maaaring maghigpit nang di nararapat sa kompetisyon. Kabilang rin sa mga naturang kasunduan ang mga pagsama-sama ng mga produkto, pagtatakda ng mga "resale" na presyo o pagtanggap magbenta sa mga partikular na kostumer o bumili mula sa mga partikular na tagapag-suplay.

Maging maingat kung tinatalakay ang anuman sa mga paksang ito, lalong-lalo na kapag dumadalo sa mga pagpupulong ng samahan sa industriya. Kung humantong ang talakayan hinggil sa ipinagbabawal na paksa, agarang ihinto ang pag-uusap at ipagbigay-alam ito sa Legal na Departamento ng Kumpanya. Kung ikaw ay mayroong katanungan patungkol sa mga batas na laban sa tiwaling pangangalakal at kompetisyon, agarang tumawag sa Legal na Departamento ng Kumpanya.

T: Si Felicity, isang ahente ng Xylem, ay nakipagkita kay Brian, isang kinatawan ng isa sa mga malalaki niyang kostumer. Habang tinatalakay ang isang proyekto ng Xylem, napagtanto ng dalawa na ang kanilang kompanya ay nagkukumpensiyahan para sa parehong kontrata. Iminungkahi ni Brian na, kung sila ay magbibigayan ng kanilang estratehiya sa pagpepresyo, marahil ay maaari silang makahanap ng paraan upang ang kapwa kompanya ay magtagumpay. Paano dapat sumagot si Felicity?

T: Nakatanggap ako ng isang e-mail ngayon. Ang pamagat ay nagpapahiwatig sa akin na ang mga nakalakip na mga dokumento ay nagkamaling naipadala at naglalaman ng proposal ng isang kakumpetensiya. Ano ang nararapat na gawin?

S: Kailangang sabihin ni Felicity kay Brian na nagsisimula siya ng di naaangkop na usapan, at pagkatapos ay agarang makipag-ugnayan sa Legal na Departamento ng Kumpanya tungkol sa pag-uusap. Tandaan, kahit ang mga di pormal na talakayan tungkol sa pagpepresyo sa pagitan ng mga magkakumpetensiya ay maaaring lumabag sa mga batas na laban sa tiwaling pangangalakal at kompetisyon.

S: Huwag basahin ang mga nakalakip na pahina. Huwag i-print o ipasa ang nakalakip na dokumento. Kontakin agad ang Legal na departamento ng iyong Kumpanya.

11. Pangangalakal ng mga Seguridad (“Securities Trading”)

Sa panahon ng ating pagtatrabaho sa Xylem, malamang na may malalaman tayong impormasyon tungkol sa ating Kumpanya o sa ating mga kasosyo bago ito mabunyag sa publiko. Ang impormasyong ito ay karaniwang tinatawag na “panloob” o “materyal, di pampubliko” na impormasyon. Ayon sa mga batas sa mga seguridad, ang impormasyon ay tinuturing na “materyal” kung ito ay makakaimpluwensiya sa isang namumuhunan upang bumili, magbenta o panghawakan ang mga seguridad ng kumpanya na may kaugnayan sa impormasyon. Ang impormasyon ay “di pampubliko” hangga’t ito ay di ibinubunyag sa publiko at may sapat na oras ang nakalipas para lubos na mabatid ng pamilihan ng mga seguridad ang impormasyon.

Dahil tayo ay nagtatrabaho para sa U.S. na kumpanya na ikinakalakal sa publiko, tayo ay obligadong umintindi at tumupad sa mga batas na may kaugnayan sa paggamit

ng impormasyong panloob. Sa pangkalahatan, ang mga batas na ito ay nagsasaad na tayo ay hindi maaaring bumili o magbenta ng stock ng kumpanya kung tayo ay may pinanghahawakang impormasyong panloob tungkol sa kumpanya. Ang gawing ito, na kilala bilang “pangangalakal ng taga-loob (insider trading),” ay lumalabag sa Kodigo natin at sa batas. Tayo rin ay pinagbabawalan sa “pagti-tip” o pamamahagi ng impormasyon sa isang

Ang ilan sa mga karaniwang halimbawa ng “panloob” na impormasyon ay maaaring kabilang ang mga talakayan ng pagsasanib at pagkakatamo; mga pagbabago sa istraktura ng nakakataas na pangasiwaan o tagapagpaganap; o sensitibong pampinansiyal na impormasyon ng kumpanya.

miyembro ng pamilya o kaibigan at pagkatapos ay bibili o magbebenta ng seguridad batay sa impormasyong iyan. Sa naturang sitwasyon, ang taong nagbubunyag ng impormasyon ay maaaring managot sa paglabag sa mga batas ng seguridad, kahit na siya ay hindi personal na nakipagkalakalan.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga kumplikadong batas na ito o nangangailangan ng tulong sa pagtukoy kung ang impormasyon na iyong pinanghahawakan ay impormasyong panloob, makipag-ugnayan sa Legal na Departamento ng Kumpanya o ang Xylem Corporate Secretary.

T: Si Abasi ay sumali sa Xylem Investment and Savings Plan for Salaried Employees. Kamakailan lamang, narinig niya ang usapan ng kanyang mga katrabahong nagtatalakayan ng mahalagang di-pampublikong impormasyon na maaaring makaapekto sa presyong pangpamilihan ng karaniwang stock ng Xylem. Maaari bang pumasok si Abasi sa isang transaksyon sa Savings Plan na may kinalaman sa karaniwang stock ng Xylem?

S: Si Abasi ay hindi maaaring pumasok sa nasabing transaksyon habang may pinanghahawakang impormasyon bago ito malawakang maipamahagi sa publiko. Kahit na ang mga pamimili ng mga stock na nasa 401(k) na plano na nakabatay sa impormasyong panloob ay maaaring lumabag sa mga batas ng seguridad at ng ating Kodigo.

12. Mga Ari-arian ng Kumpanya

Pandaraya at Pagnakaw

Sa pagtatrabaho para sa Xylem, tayo'y nangako sa isa't isa, sa ating Kumpanya at sa ating mga kasosyo na maprotektahan at gamitin ang mga ari-arian ng Kumpanya nang naaangkop at para sa mga layuning pang-negosyo. Kasama sa nasabing mga ari-arian ang mga pisikal na ari-arian, intelektuwal na ari-arian, mga sistema ng impormasyong pangteknolohiya at ang reputasyon ng ating Kumpanya.

Maagap na sisiyasatin ng Xylem, at kung nararapat, uusigin ang mga iniulat na insidente ng pandaraya o pagnanakaw ng kanyang mga ari-arian. Kailangan mong ipagbigay-alam ang anumang pinaghihinalaang pagnanakaw, pagkawala o pang-aabuso sa mga ari-arian ng Kumpanya sa iyong tagapamahala o tagapangasiwa, o sa Human Resources, Legal o Pangseguridad na Departamento ng Kumpanya.

Mga Pisikal na Ari-arian

Lahat tayo ay nagsusumikap upang makalikha at pangasiwaan ang mga pisikal na ari-arian ng ating Kumpanya. Kabilang sa mga ari-arian ito ay mga produkto ng Xylem, pera, mga pasilidad, mga sasakyan at kagamitan. Dapat nating pangalagaan itong napakahalagang ari-arian at protektahan ito sa lahat ng oras. Ang bawat isa sa atin ay may personal na tungkuling tiyakin na ginagamit natin ang mga ari-arian ng ating Kumpanya upang itaguyod lamang ang pangnegosyong interes ng Xylem.

Pag-aaring Intelektwal

Ang intelektuwal na pagmamay-ari ng Xylem ay kasinghalaga rin ng ating pisikal na mga ari-arian, kung hindi ito mas mahalaga pa, at ito ay dapat nating protektahan. Kasama sa mga intelektuwal na ari-arian (o "IP") ang mga patente, tatak-pangkalakal, mga karapatang-ari at lihim sa kalakalan, at ang mga

teknikal na datos at software na binuo sa ilalim o ginamit upang suportahan ang mga kontrata ng kostumer. Sa pangkalahatan, ang Xylem ay nagpapanatili ng eksklusibong pagmamay-ari ng IP sa anumang ideya, proseso, tatak-pangkalakal, imbensyon o pagpapahusay na ating binuo na may kaugnayan sa ating trabaho sa ating Kumpanya. Ang pananagutan nating protektahan ang intelektuwal na ari-arian ay magpapatuloy kahit pa matapos na ang pagtrabaho natin dito.

Ang “lihim pangkalakal” ay impormasyon na karaniwang hindi nalalaman o makatwirang pwedeng alamin ng publiko at nagbibigay sa Xylem ng lamang sa kumpetisyon. Kasama sa ilang mga halimbawa ang:

- Teknikal na impormasyon tungkol sa mga kasalukuyan o pinaplanong produkto at/o proseso
- Mga plano ng pagbili, mga listahan ng nagsu-suplay o mga presyo ng pagbili
- Mga estratehiya sa gastos, pagpresyo, pamimili o serbisyo
- Mga di-pampublikong tala ng kita at ibang talang pampinansiyal
- Mga impormasyong kaugnay ng mga pagbabago sa negosyo, pagsasanib at pagkakamit

Kung minsan, maaaring nating tukuyin ang lihim na kalakalan bilang “kumpidensiyal” o “pribadong pagmamay-ari” na impormasyon. Maaaring ipaalam lamang natin ang impormasyong ito sa ating mga katrabaho na mayroong lehitimong pangangailangan na malaman ito, at karaniwan hindi natin dapat ipaalam itong impormasyon sa mga taong nasa labas ng Kumpanya. Ang tanging mga eksepsiyon sa alituntuning ito ay magaganap kapag: 1) ang impormasyong ito ay protektado laban sa hindi pinahihintulutang paggamit o pagsisiwalat sa pamamagitan ng isang pirmadong pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal na kasunduan, o 2) natukoy ng iyong tagapamahala o tagapangasiwa na ang impormasyon ay hindi dapat kilalanin bilang lihim na pangkalakal, at sa ganoon ay maaari nang ipaalam.

Dapat rin nating igalang ang IP na pagmamay-ari ng iba. Sa madaling salita, ito ay nangangahulugang maaari lamang tayo makakuha ng impormasyong pagmamay-ari ng ikatlong partido matapos makakuha ng nakasulat na pahintulot mula sa ikatlong partido at legal na payo mula sa Legal na Departamento ng Kumpanya. Sa oras na ikaw ay may impormasyong pagmamay-ari ng ikatlong partido, dapat mo itong protektahan ayon sa nakasulat na kasunduan. Ang anumang di hinihinging impormasyong pagmamay-ari ng ikatlong partido na iyong natanggap ay dapat agaran mong ipadala pagkatanggap, nang walang anumang pag-uusisa o pagsusuri, sa Legal na Departamento ng Kumpanya.

Gayundin, dapat mong iwasan ang anumang walang lisensyadong paggamit ng imbensyon ng isang ikatlong partido (kasama na ang mga patente, modelo ng "utility" at patenteng disenyo), pagkakakilanlan (tulad ng pangalan, tatak-pangkalakal o logo) o mga gawa (tulad ng mga litrato, mga nakalimbag na materyales o software). Ikaw ay di kailanman maaaring sadyang gumamit ng nasabing IP nang walang kinukuhang pahintulot mula sa nagmamay-aring ikatlong partido. Kung ikaw ay may anumang katanungan, sumangguni sa Legal na Departamento ng Kumpanya.

T: Si Ramon ay sumulat ng ilang mahahalagang mga e-mail na may kaugnayan sa iba't-ibang mga proyekto ng Xylem. Ang isa ay naglalaman ng teknikal na impormasyon ng Xylem tungkol sa ating proseso at ito ay inilalaan para sa isang kostumer na pumirma sa kasunduan nila ng Xylem na pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal. Kinahapunan, napagtanto ni Ramon na aksidente niyang napadala ang e-mail sa maling tatanggap, di sinasadyang ibunyag ang kumpidensiyal na impormasyong teknikal ng Xylem. Ano ang dapat niyang gawin?

S: Dapat na agarang makipag-ugnayan si Ramon sa kanyang tagapamahala o tagapangasiwa upang talakayin ang situwasyon. Dapat tayong mag-ingat lalong-lalo na sa pabayang pagbubunyag ng kumpidensiyal na impormasyon kapag gumagawa at nagpapadala ng elektronik na mensahe, pati na rin sa pagtalakay ng kumpidensiyal na impormasyon ng Kumpanya sa mga pampublikong lugar.

T: Gusto ni Tori na mag-install ng isang programa sa kompyuter na kanyang ginagamit sa trabaho tungo sa kompyuter niya sa kanyang bahay. Pinahihintulutan ba ito?

S: Dahil ang lisensya sa mga pagtatakda ng mga programa sa kompyuter ay di karaniwang nagpapahintulot ng dalawahang paggamit, malamang na hindi magagamit ni Tori ang programang ito sa kanyang bahay. Dapat na makipag-ugnayan si Tori sa kanyang tagapamahalang IT bago gumamit ng anumang mga inilaang programang software ng Xylem sa kanyang kompyuter sa bahay.

Impormasyong Pangteknolohiya

Isa sa pinakamahahalagang pag-aari ng ating Kumpanya ay ang kanyang impormasyong pangteknolohiya. Dapat na palagi nating gamitin ang teknolohiyang ito para sa mga maingat at pinahihintulutang layuning pangnegosyo, nangangahulugang hindi natin maaaring ma-access ang network system ng Xylem upang mag-download o makipag-ugnayan nang hindi naaangkop, hindi propesyonal, nagpapakalat o ilegal na nilalaman. Kasama rito ang malaswa, bastos, sekswal na panliligalig, pag-atakeng nakakasakit sa lipunan o sa grupong etniko, o paninirang-puri na mga mensahe, larawan at video. Bukod dito, tandaan na ang mga software na ipinagpapahintulot lamang ng Xylem ang maaaring i-download sa iyong kompyuter pang-kumpanya.

Dahil sa ang mga impormasyong pangteknolohiya na ating ginagamit sa pagtatrabaho para sa Xylem ay pagmamay-ari ng Kumpanya, hindi tayo dapat umasa na ang mga e-mail, gawain sa Internet o mga voicemail na inililipat o tinatanggap sa network system ng Xylem ay pribado. Inilalaan ng Xylem ang karapatang suriin ang e-mail at gawain sa Internet, at gagawin ito alinsunod sa lokal na batas. Ang pag-access ng e-mail account ng sinumang aktibong empleyado ay mangangailangan ng pag-aaproba ng Pangkalahatang Abogado ng Xylem at ng Punong Opisyal ng Human resources Ang katibayan ng pang-aabuso ng mga network system na inilaan ng Xylem ay maaaring humantong sa pagtapos ng pag-access at pagdidisiplina.

T: Ang kaibigan kong mula sa ibang kumpanya ay nagpadala sa akin ng link ng isang software sa Internet at inirekomendang i-download ko ito sa aking computer. Okey lang bang i-install ko ang software?

S: Hindi. Ang software lamang na pinahintulutan ng Xylem ang mapapayagan sa iyong computer. Hindi mo dapat i-download ang software mula sa Internet maliban kung ito ay mapagkakatiwalaang paggagalingan nito. Kailangan mong isangguni ang pag-install ng bagong software sa inyong IT manager.

13. Reputasyon ng Kumpanya

Mga Gawaing Pampulitika

Bilang mga mabuting mamamayan, ang bawat isa sa atin ay inaasahang magbalik ng kagandahang-loob sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagsali sa prosesong pampulitika. Gayunman, magagawa lamang natin ito sa ating sariling pangalan at sa ating sariling oras, maliban kung tayo ay sumali sa isang katutubong kilusan na pinahihintulutan ng Kumpanya. Ito lamang ang pagkakataong tayo ay maaaring gumamit ng mga ari-arian ng Kumpanya o pangalan na may kaugnayan sa anumang uri ng kilos pampulitika, maliban kung tayo ay partikular na pinahihintulutang gawin ito sa pamamagitan ng batas at tayo ay nakakuha ng paunang pahintulot mula sa Legal na departamento ng Kumpanya.

Dagdag pa rito, dapat tayong maging maingat sa paglahok sa mga aktibidad na may layuning humimok o impluwensyahan ang ibang tao gamit ang pangalan ng kumpanya o sa pagsasagawa ng negosyo na maaaring maihambing sa nabanggit. Tiyaking sumangguni sa Legal na Departamento ng kumpanya bago panatilihin ang mga taong nagsasagawa ng mga aktibidad na may kinalaman sa panghihimok o pang-iimpluwensya o bago lumahok sa mga nasabing aktibidad sa ngalan ng Xylem.

Mga Pahayag sa Media at Taga-analisa ng Pamumuhunan

Mahalaga para sa Xylem ang makapagbigay sa publiko ng maliwanag at di pabago-bagong impormasyon hinggil sa ating mga operasyon. Tayo ay maaari lamang magbigay ng mga pampublikong pahayag hinggil sa mga suliranin o paksang tayo ay pinahihintulutang maging mga tagapagsalita. Kung ang isang miyembro ng media ay sumangguni sa iyo tungkol sa bagay na may kinalaman ang Xylem, isangguni siya sa bise Presidente ng External Affairs (Panlabas na Pakikipag-ugnayan) o sa inyong lokal na tagapagsalita. Kung nilapitan ka ng isang tagapag-analisa, dapat mo siyang isangguni sa Opisyal ng Pakikipag-ugnayan sa Namumuhunan (o Investor Relations Officer).

14. Mga Pagpapaubaya at Pagbabago

Sa mga partikular na ilang pagkakataon at sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan para sa Opisyal ng Etika at Pagsunod ng Xylem (o Xylem Chief Ethics and Compliance Officer), maaaring pagpasiyahan ng Xylem na wastong ipaubaya ang naaangkop na kondisyon ng ating Kodigo. Ang mga pagpapaubaya ng ating Kodigo para sa mga tagapangasiwang opisyal at mga tagapamahala ay maaaring gawin lamang sa pamamagitan ng Lupon ng mga Tagapamahala at ito ay ilalahad sa publiko kung ipinag-uutos ng alituntunin o batas.

Inilalaan ng Xylem ang karapatang gumawa ng pansariling pagbabago at sa anumang oras sa ating Kodigo o anumang patakaran o pamamalakad ng Kumpanya. Walang nilalaman sa ating Kodigo o sa anumang isinangguning patakaran o pamamalakad ng Kumpanya ang dapat na bigyang kahulugan bilang pagbabago sa ugnayan ng trabahong nakabatay sa pagdedesisyon ng Kumpanya (o at-will).

15. Mga Kontak Tungkol sa Kodigo ng Gawi

Iyong Tagapangasiwa:

Pangalan: _____ Telepono: _____

Iyong Legal na Departamento:

Pangalan: _____ Telepono: _____

Iyong Departamento ng Human Resources:

Pangalan: _____ Telepono: _____

Iyong Controller o Chief Financial Officer:

Pangalan: _____ Telepono: _____

Ang Iyong Value Center o Lokal na Ombudsperson:

Pangalan: _____ Telepono: _____

Punong Opisyal ng Etika at Pagsunod

Telepono: (1) 914.323.5991

E-mail: Chief.EthicsOfficer@Xylem.com

Tagapamahala ng Panloob na Awdit ng Xylem

Telepono: (1) 914.323.5705

E-mail: internal.audit@Xylem.com

Ombudsperson ng Himpilan ng Xylem

Telepono: (1) 914.323.5702 o (1) 800.727.6030

E-mail: headquarters.ombudsperson@Xylem.com

Xylem Integrity Line Helpline

Telepono: (1) 605.275.8765 or (1) 888.995.9870

Website: www.integrity.xylem.com



Hindi napangasiwaan noong
nilimbag. Pumunta sa
www.Xyleminc.com para sa
pinakabagong bersyon.

Xylem Inc.
1 International Drive
Rye Brook, NY 10573
www.Xyleminc.com

© 2011 Xylem
Nirebisa 2018